gikan sa

# SULYAB

an dakulang sulo

Enero-Hunyo 2021
Taon XLV Blg. 1-2

Rebolusyonaryong pahayagang ilinalathala ng Partido Komunista ng Pilipinas sa Rehiyong Bikol




## Papanagutin ang rehimeng US-Duterte sa kanyang mga krimen laban sa mamamayang Bikolano

Higit pang nahihiwalay ang rehimeng US-Duterte sa mamamayang Pilipino. Bugbog sarado na ito sa walang humpay na bigwas ng mamamayang naniningil sa lahat ng kanyang mga krimen, kapayabaan, kainutilan at kataksilan. Sa loob ng halos anim na taon, mapanlinlang na ginamit niya ang Whole of Nation Approach sa layuning ilugmok ang bayan sa wasiwas ng brutalidad at madugong karahasan. Sa pamamagitan ng pasistang terorismo ng estado, tinangka niyang busalan ang sambayanan habang siya'y nagpapakabundat sa rekurso ng taumbayan, sa kurakot at sa suhol mula sa kanyang mga lokal at dayuhang amo.

Habang papalapit ang pagtatapos ng kanyang termino sa ilalim ng konstitusyong 1987, nagkakandaugaga ngayon ang tiranikong rehimen sa paghahanap ng paraang pigilan ang tuluyang pagkatibag ng kontrol sa kapangyarihang pampulitika. Sa papalapit na eleksyon 2022, ginagawa niya ang lahat upang maipagpatuloy ang paghahari ng kanyang pangkatin sa kabila ng pagtatakwil sa kanya ng mamamayang Pilipino at pagtuligsa ng internasyunal na komunidad. Ang disgusto ng mamamayan at ang kanilang tiyak na paniningil matapos ang kanyang termino ang nagtutulak sa kanyang buong bangis na ilatag ang makinaryang titiyak ng pananatili ng kapangyarihan ng kanyang pangkatin lampas sa eleksyon. Bahagi ng kanyang mga pasigurong hakbang ang pagdedeklara

ng batas militar at patuloy na pagraratsada ng panukalang *charter change* o ChaCha.

Hindi niya maibangon ang bansa mula sa patung-patong na pang-ekonomya at pampulitikang krisis na idinulot ng pagpapatupad ng neoliberal na patakaran at walang kapantay na panunupil sa mamamayan. Nitong mga nagdaang buwan, higit na nalalantad sa publiko ang kahungkagan ng pagbubuhos ng kabang bayan upang matutustusan ng rehimen ang isang anti-komunistang gerang takot sa mga anino ng kanyang kabangisan at sa multo ng pagbangon ng mamamayan.

Sa loob ng unang anim na buwan ng 2021, 27 ang biktima ng pamamaslang at masaker sa rehiyon. Ang madugong rekord na ito ang ibinabanderang tagumpay ng mga *death squad* ng militar at SACLEO ng pulis upang bigyang katanyagan ang RTF-ELCAC. Waring nagpapaligsahan ang mga batalyon sa ilalim ng 9th IDPA sa pagtatala ng mga iba't ibang tipo at papasahol na paglabag sa karapatang sibil ng mamamayan sa kanilang sinasaklaw na erya.

Galit ang mamamayan sa walang patlang na paghambalos ng krisis sa ekonomya sa gitna ng pandemya. Mabilis na nawawalan ng hininga ang ekonomya ng Pilipinas sa paghigpit ng neoliberal na sakal ng imperyalismo. Umaabot na sa kabuuhang P11.2 trilyon ang kinababaunang dayuhan at lokal na utang ng bansa. Kasabay nito, nalulugi sa pag-eeksport at napag-iiwanan ang dati nang atrasadong lokal na produksyon. Bunga nito, hindi maawat ang pagsahol ng paghihikahos, kagutuman, kasalatan sa mga pangunahing pangangailangan, malawakang disempleyo, pagsirit ng mga presyo ng mga bilihin at pagsadsad ng kita at kabuhayan.

Sa Kabikulan, bumagsak ang halaga ng piso tungong 72 sentimo sa pagtatapos ng Marso 2021. Kasabay nito, tumaas naman ang presyo ng mga bilihin. Sa unang kwarto ng taon, naitala sa rehiyon ang isa sa pinakamalalaking paglobo ng tantos ng inplasyun sa buong bansa. Hanggang sa ngayon, hindi makaahon-ahon ang mga magsasakang Bikolano sa pinsalang idinulot ng magkakasunod na bagyo noong huling kwarto ng 2020, agresibong pangangamkam at pagpapalit-gamit ng lupa para sa mga proyektong pang-inprastruktura, pagmimina at turismo, pagkaantala ng ligtas na mga aktibidad para sa produksyon dahil sa malawakang

gikan sa SILYAB
an dakulang sulo

Taon XLV Blg. 1-2 Enero-Hunyo 2021

Ang Silyab ang rebolusyonaryong pahayagang ilinalathala ng Partido Komunista ng Pilipinas sa Rehiyong Bikol.

Maaari itong i-download sa:
***www.yandex.disk/silyab.bikol*** at ***marojabanua.wordpress.com***

Bukas ang pahayagan para sa inyong mga ulat koresponsal, artikulo at iba pang kontribusyon. Ipadala ang mga email sa ***marojabanua.ndf@gmail.com***

## NILALAMAN

| | |
|---|---|
| Editoryal: Papanagutin ang rehimeng US-Duterte sa kanyang mga krimen laban sa mamamayang Bikolano | 1 |
| Yamang likas sa lupa, yamang iilan ang nagbubulsa | 5 |
| Epidemya ng Karahasan | 7 |
| Krisis sa Pagkain | 9 |
| Ulat Koresponsal | 13 |
| Silyabalita | 13 |
| Produksyon sa Rebolusyon | 14 |
| Kaalamang Medikal | 17 |
| Kurit kang Agipo | 19 |
| Diwang Rebolusyonaryo | |
| Batoy | |

marojabanua.wordpress.com
Belle Mahilum
yandex.disk/silyab.bikol
@PatrickDelRosario6
Instagram Gintong Silahis
Ma Roja Banua

militarisasyon sa kanayunan at mga neoliberal na batas na ipinasa ng rehimeng US-Duterte nitong mga nagdaang taon. Dulot nito, higit na nahirapan ang masang Bikolanong tustusan ang kanilang pangunahing pangangailangan at nailagay sa panganib ang soberanya sa pagkain laluna't lumobo rin ang bilang ng nawalan ng trabaho sa loob at labas ng bansa gitna ng pandemya.

Sa kabila ng mahigit isang taong pamamayagpag ng militaristang *lockdown,* nanatiling inutil ang rehimen sa pagharap sa pag-atake ng Covid-19. Sa pagpataw ng *Covid-19 Enhanced Community Quarantine (ECQ)* noong 2020, pumalo sa 344,000 Bikolano ang walang trabaho sa rehiyon. Ngayong taon, kahit nagsimula nang muli ang operasyon ng mga negosyo, wala pa ring makabuluhang bilang ng bagong trabahong nalikha. Umaabot sa 224,462 ang mga Bikolanong walang trabaho. Tiyak na muli itong madaragdagan ngayong ibinalik na naman sa ilalim ng mas mahigpit na *lockdown* ang ilang prubinsya at mayor na lunsod sa rehiyon.

Sa kabila ng krisis na ito, ayudang limos na batbat ng kurapsyon lamang ang ilinaan ng gubyerno para sa mamamayan. Sa P111.4 bilyong pondo ng Bicol Regional Development Investment Program para sa 2020, P9.5 bilyon lamang ang ilinaang pondo para sa mga sosyoekonomikong programang tuwirang pakikinabangan ng mamamayan. Ang bulto ng pondo ay ibinuhos sa inprastruktura at pagpapabalik sigla ng turismo. Inprastruktura rin ang pangunahing binuhusan ng pondo sa halip na mga sosyoekonomikong programa kapwa sa inaprubahang P294.73 bilyong Bicol Regional Recovery Program for Covid-19 Phase I-Post Enhanced Community Quarantine 2020-2022 at P250 bilyong pondo ng rehiyon para sa 2021.

> “Sa harap ng ibayong pag-igting ng mapanlabang diwa ng mamamayan, naitutulak maging ang hanay ng mga repormistang burgis na suportahan ang lumalakas na tunguhing pabagsakin ang rehimen. **Marami sa kanila ang nagtatakwil na sa ideya ng diktadura. Isinusuka nila ang lantarang brutalidad ni Duterte laban sa mamamayang Pilipino at lahat ng pwersang tumutuligsa sa kanya.**

Sa harap ng ibayong pag-igting ng mapanlabang diwa ng mamamayan, naitutulak maging ang hanay ng mga repormistang burgis na suportahan ang lumalakas na tunguhing pabagsakin ang rehimen. Marami sa kanila ang nagtatakwil na sa ideya ng diktadura. Isinusuka nila ang lantarang brutalidad ni Duterte laban sa mamamayang Pilipino at lahat ng pwersang tumutuligsa sa kanya.

Napupukaw ang kanilang makabayan at patriyotikong sentimyento sa kawalang-aksyon ng rehimen sa usapin ng panghihimasok ng mga dayuhang kapangyarihang Tsina at US. Dumarami sa kanila ang namumulat sa kawastuhan ng pagpanig sa rebolusyonaryong kilusan upang maipagtanggol ang soberanya ng bansa.

Gayunpaman, hindi pa nagaganap ang tuluyang pagguho ng rehimeng US-Duterte. Bagamat bumibilis pa ang pagkakahiwalay sa pulitika, kaya pa rin ng diktadurang Duterte maglunsad ng mababangis at mararahas na atake laban sa mamamayan. Nasa likod niya ang kanyang mga tapat na upisyal-militar sa AFP-PNP, mga inaalagaang pulitiko at pinapaborang negosyante. Patuloy pa rin silang sumusuporta sa gera kontramamamayan at tumataya sa kanyang pasistang paghahari sa paghahangad na mapreserba at mapalaki pa ang sariling mga kayamanan at kapangyarihan at iligtas ang sarili sa pananagutan sa mga kriminal na hakbangin ng rehimen oras na matapos ang termino ni Duterte o kaya ito'y mapabagsak.

Sa Bikol, litaw ang pagpapakatuta sa rehimen ng mga tradisyunal na pulitiko alang-alang sa kanilang pampulitikang kasalbahan. Ang estilo ng marami sa kanila ay ang pagpapatianod sa neoliberal at pasistang direksyon ni Duterte. Sila yaong tikom ang mga bibig at hindi tuwirang bumabatikos sa naghaharing paksyong Duterte. Nagpapahayag silang pabor sa interes ng masa ngunit pinapayagan naman ang tuluy-tuloy na pananalasang militar at pang-aatakeng neoliberal sa kanilang nasasakupan.

Mayroon din namang mga sagad-saring reaksyunaryong lantaran ang pagiging masugid na tagapagtaguyod ng pasismo at neoliberalismo.

Nagpopustura mang magkakaiba, pare-pareho nilang pinahihintulutan ang malalawakan at madudugong operasyong militar at pulis laban sa mamamayan. Walang kaabug-abog nilang ipinatutupad ang mapanupil na direktiba ng NTF-ELCAC at mga lokal na katapat nito kapalit ng mga konsesyong tulad ng paggawad sa kanila ng espesyal na pwersang panseguridad para sa eleksyon at mga kikbak at kontrata sa mga neoliberal na proyekto.

Higit sa lahat, patuloy ding naaasahan ni Duterte ang mga imperyalista at dayuhang amo, laluna ang US at Tsina. Siya pa rin ang pangunahing tagapagtaguyod ng kanilang interes at direksyon sa bansa sa kasalukuyan. Ngunit alam din ni Duterte na walang katiyakan ang suportang ito sa kanya. Anumang posturang pagtatakwil ng imperyalistang US sa pasistang rehimeng Duterte, titiyakin nitong mananatili sa kontrol ang juntang militar ni Duterte sa pamamagitan ng pagbuhos ng pondo at mga segunda manong kagamitang militar. Sa pagpapatuloy ng mga dambuhalang proyektong pang-inprastruktura itinambak ng Tsina sa bansa, magpapatuloy si Duterte sa pagsasantabi ng soberanya ng bansa kapalit ng bilyun-bilyong kikbak para sa angkan ng mga Duterte at kanyang malalapit na kroni.

Upang mapigilan ang pagsambulat ng paglaban ng mamamayan, tiyak na sa isang kamay, gagawin nina Duterte ang lahat upang manghati sa malawak na alyansang lumalaban sa diktadura sa pamamagitan ng maliliit at paimbabaw na mga konsesyong pampulitika at pang-ekonomya para sa malalaking negosyante at tradisyunal na burukratang anti-Duterte. Samantala, sa kabilang kamay naman ay pasisidhiin nila ang pagsasamantala at pang-aapi sa mamamayan. Sistematiko at walang humpay na paiigtingin ang kampanyang saywar laban sa natatanging Partido—ang Partido Komunista ng Pilipinas—na namumuno sa mapagpasyang paglaban ng mamamayan laban sa neoliberal na atake at pampulitikang pandarahas.

Sa ganitong kalagayan, pangkalahatang tungkulin ng Partido at ng buong rebolusyonaryong pwersa na igawad ang pamatay-dagok na tuluyan nang bibigo at magpapabagsak sa reaksyunaryong rehimeng Duterte at mapangahas na isulong ang rebolusyon sa lahat ng larangan. Dapat ikonsentra ang opensiba ng mamamayan sa pangkating Duterte at sikaping makapagbuklod sa iba't ibang antas at paraan sa pinakamalawak na posibleng hanay ng mga pwersang anti-Duterte. Kasabay nito, dapat matatag na itaguyod ang linya ng demokratikong rebolusyong bayan at palakasin ang pambansa demokratikong pwersa.

Sa pamamagitan ng pagpapaigting ng pakikibaka laban kay Duterte, napalalalim ang mga bitak at ribalan sa pagitan ng mga reaksyunaryo. Hakbang-hakbang na naihihiwalay ang mga sagadsaring reaksyunaryo habang natitipon naman sa isang panig ang malawak na hanay ng mamamayan. Ito ang naglalagay sa Partido at rebolusyonaryong kilusan sa mahusay na pusisyon para pabilisin ang pagkabig sa milyun-milyong mamamayan sa digmang bayan. Nakasalalay sa paglawak ng bilang ng mamamayang lalahok sa rebolusyon ang pagpapabagsak ng rehimeng US-Duterte. Kasabay nito ang pagkumpleto sa mga rekisitos ng pagpapalakas ng rebolusyonaryong pwersa upang makasulong tungo sa sunod na antas ng digma.



Sa harap ng hamon at pagkakataong ito, hindi maaaring magkasya sa dating makitid na saklaw at mga dating nakagawian. Walang puwang ang pagpapatumpik-tumpik at konserbatismo. Dapat buong kapangahasang pangunahan at pamunuan ng rebolusyonaryong kilusan ang martsa ng mamamayan.

**Magkamit ng higit na malalaking tagumpay sa larangan ng armadong pakikibaka**

Ang pinakamakapangyarihang sandatang maaaring gamitin ng sambayanan ay ang kanilang armadong pakikibaka. Kinakailangan ang mga taktikal na opensiba upang ipagtanggol ang karapatan ng mamamayan, tibagin ang kapit ng mga reaksyunaryo sa kapangyarihan at hikayatin ang todong paglaban ng lahat ng pwersang progresibo at anti-Duterte. Pinalalakas ng mga tagumpay ng armadong pakikibaka ang loob ng mamamayan na lumaban at sumulong pa sa iba't ibang larangan ng paglaban, malikhain at mapangahas na paunlarin ang mga anyo ng pagbabalikwas at walang humpay na umabante laban sa hanay ng hayok-sa-dugong kaaway.

Kinakailangan ang pagsisikap na maglunsad ng mga taktikal na opensibang may malinaw at malakas na pampulitikang ganansya - nagpapalagablab sa rebolusyonaryong adhikain ng masa at lumilikha ng malalaking pinsala at demoralisasyon sa hanay ng mga kaaway ng sambayanan. Dapat bigyang-diin ang paglalantak at pagpapanagot sa malalaki at pinakakinamumuhiang tagapagtaguyod ng reaksyunaryong kapangyarihan.

**Ilunsad at pasiglahin ang mga pakikibakang masa**

Kapwa sa kanayunan at kalunsuran, kinakailangan ang pursigidong pagpapalawak ng mga kampanya at pakikibakang masa, pangunahin ang mga kampanyang antipyudal at anti-pasista, upang maitaguyod ang interes ng mamamayan. Nagsisilbi rin ito sa pagpapatatag at pagpapalalim ng baseng masa ng rebolusyon.

Pag-ibayuhin ang pagsusulong sa kampanya sa minimum hanggang maksimum na programa ng rebolusyonaryong reporma sa lupa, gayunman ang mga kampanya para sa serbisyong pangkalusugan at iba pang sosyoekonomikong kahingian, laban sa militarisasyon, laban sa mga neoliberal na proyekto at iba pa. Sa pagbitbit ng mga pangunahing kahingian sa kabuhayan at pulitika ng masang anakpawis at iba pang maralitang sektor, maramihan silang napupukaw at napakikilos.

> Sa harap ng hamon at pagkakataong ito, hindi maaaring magkasya sa dating makitid na saklaw at mga dating nakagawian. **Walang puwang ang pagpapatumpik-tumpik at konserbatismo. Dapat buong kapangahasang pangunahan at pamunuan ng rebolusyonaryong kilusan ang martsa ng mamamayan.**

Karugtong nito ang mapangahas na pagpapalawak ng mga hayag at lihim na organisasyong masa, pagtuklas at pagbuo ng iba pang mga tipo ng organisasyong mabilis na makaaabot sa mamamayan at magdidirehe ng kanilang ahitasyon. Hindi dapat hayaang maging balakid ang Covid-19 sa masigla at malawak na pag-oorganisa at pagpapakilos. Sa harap ng lampas-ulong kahirapan at karahasan, hindi maaaring magkasya sa mga mumunti at lutang na organisasyon. Mapagpasyang lutasin ang mga problema sa mabagal na pag-oorganisa at kalat-kalat na pagpapakilos sa masa.

Sa mga pinakasulong na bahagi, itaas ang antas ng organisasyon at mabilis na itindig ang mga ganap na samahang masa, mga organo ng kapangyarihang pampulitika, milisyang bayan at mga yunit pananggol sa sarili at mga sangay at grupo ng Partido.

**Pangibabawan ang mga kahirapan at magpakahusay sa mga taktika ng nagkakaisang prente**

Upang maigawad ang pamatay-dagok sa rehimeng Duterte at pinakamamahigpit niyang



alipures sa rehiyon, ang pinakamakitid na target ng paglaban ng mamamayan sa kasalukuyan, kritikal ang pagpukaw at pagpapakilos sa milyun-milyong mamamayan. Magagawa lamang ito sa pagpapakahusay sa mga taktika ng nagkakaisang prente. Gamitin ito upang maihiwalay ang iilang sagadsarin, makabig ang karamihan at mapakilos ang malawak na sambayanan.

Dapat mabilis na ugnayan ang pinakamalawak na hanay ng mga aktwal at potensyal na alyado – kapwa yaong maaasahan sa pangmatagalan at panandalian. Sunggaban ang mga pagkakataong ibinubukas ng mga hidwaan ng mga paksyon ng reaksyunaryo laluna ngayong nagsisimula nang maghanayan ang mga reaksyunaryong partido para lubos na mapahina ang naghaharing pangkating Duterte hanggang tuluyan itong mapabagsak.

Napakalaki ng potensyal ng prenteng anti-diktadura laban kay Duterte na magkahugis gaya ng malawak at matatag na kilusang masang nagpabagsak sa diktadurang US-Marcos. Pangibabawan ang mga kahirapang dala ng pandemya at mga restriksyong dulot nito at magpakahusay sa pagbuo ng mga ugnayang nakabatay sa katayuan at kakayahan ng bawat panig – sa porma mang tuwiran o 'di tuwiran, pormal o 'di pormal, masaklaw o partikular na mga usapin, sa larangang hayag at lihim, sa labas at loob ng parlyamento. Panghawakan ang kahalagahan ng pakikipagtulungan sa pinakamalawak na posibleng hanay upang maigpawan ang mga limitasyon at sumulong nang higit na mabilis. Marapat na bigyang diin ang sustenidong paniningil ng taumbayan sa mga krimen ng diktadurang Duterte at kanyang juntang militar maging lampas sa kanyang termino.

Kasabay nito, kailangang patuloy ding ilantad sa mamamayan ang ilang grupo ng repormistang burgis na nagpoposturang maka-kaliwa at makamasa upang isingit ang kanilang mga sariling interes, lituhin ang masa at pahinain ang paglaban ng mamamayan.

**Masigasig na palawakin at palakihin ang kasapian ng Partido na nagtataguyod sa linya ng demokratikong rebolusyong bayan**

Higit sa lahat, kinakailangang anihin ang mga tagumpay sa lahat ng mga larangan ng labanan sa sistematikong pagpapalaki ng kasapian ng Partido. Napakahalagang marekluta sa Partido ang pinakamauunlad na elemento na lumilitaw sa hanay ng masang lumalaban. Ipatupad ang mga komprehensibong plano sa pagrekluta upang makapagpasapi ng daan-daan libong kasapi at makapagsanay ng libu-libong kadreng magpapalakas sa Partido at babalikat nang higit pang mabibigat na gawain sa tumataas na antas ng rebolusyon.

Kinakailangang itaya ang ubos-kayang lakas, determinasyon at husay sa pagkumpleto ng mga rekisitos upang isulong ang demokratikong rebolusyong bayan tungo sa mas mataas na antas. Sa bawat hakbang pasulong ng mamamayan at rebolusyonaryong kilusan, lumalapit ang tiyak na tagumpay. ■



Para sa dagdag na pagpapalalim, basahin ang **Datos: Limang taong tiraniya ng rehimeng US-Duterte**
*I-download sa yandex.disk/silyab.bikol*

## Yamang likas sa lupa, yamang iilan ang nagbubulsa: Ang kalagayan ng mga magsasaka sa Camarines Norte at Camarines Sur

*(Ito ang huling artikulo sa serye ng kalagayan ng mga magsasaka sa anim na prubinsya ng Kabikulan. Para sa unang bahaging tungkol sa Masbate at Catanduanes, balikan ang Silyab 3rd quarter 2020. Para sa ikalawang artikulo tungkol sa Albay at Sorsogon, basahin ang Silyab 4th quarter 2020).*

Gaya ng iba pang mga prubinsya sa Kabikulan, hitik sa likas na yaman ang mga kalupaan, kabundukan at katubigan ng Camarines Norte at Camarines Sur. Iba't ibang produktong agrikultural ang matatagpuan sa dalawang prubinsya, mula sa mga pananim gaya ng prutas at gulay, mga lamang-dagat hanggang sa malalawak na reserba ng ginto, pilak at iba pang mineral.

Nangunguna rin ang naturang mga prubinsya sa pagkakaroon ng pinakamalaking potensyal at reserba ng iba't ibang yamang mineral sa rehiyon. Nasa Camarines Norte ang pinakamalaking reserba ng ginto, pilak at tanso. Umaabot ito sa higit 19.6 milyong metriko tonelada. Sa Camarines Sur naman matatagpuan ang pinakamalaking reserba ng *limestone* na umaabot sa higit 423.7 milyong metriko tonelada.

Gayunpaman, hindi pinakikinabangan ng mamamayan ang biyayang mula sa mga natural na rekursong ito. Simula't sapul, iilang makapangyarihang pamilya ng panginoong may-lupa, mga dayuhang negosyante at mga dambuhalang korporasyon lamang ang nakapagbubulsa ng limpak-limpak na tubo bunga ng mga likas na yamang dapat sana'y para sa nakararami.

**Gayunpaman, hindi pinakikinabangan ng mamamayan ang biyayang mula sa mga natural na rekursong ito.**

Simula't sapul, iilang makapangyarihang pamilya ng panginoong may-lupa, mga dayuhang negosyante at mga dambuhalang korporasyon lamang ang nakapagbubulsa ng limpak-limpak na tubo bunga ng mga likas na yamang dapat sana'y para sa nakararami.

### Walang lupang masaka, wala ring pakinabang sa pagmimina

Dahil sa malaking potensyal sa yamang mineral, mula noon ay malawakang pagmimina na ang pangunahing pinagtuunan ng pansin ng mga reaksyunaryong administrasyon. Walang ipinatutupad na komprehensibo at makabuluhang programa at suporta sa pagpapalakas ng agrikultura at reporma sa lupa upang makapagsaka ang mamamayan. Bagkus, buu-buong ibinukas ang mga prubinsya sa pagpasok ng malalaking dayuhang minahan.

Ngayong Abril 2021, ipinasa ng rehimeng US-Duterte ang Executive Order No. 130 na nagtatanggal ng mining ban sa mga bagong kontrata sa pagmimina. Ilinabas ni Duterte ang kautusan sang-ayon sa tulak at utos ng kanyang mga kaibigang dayuhang negosyante. Kalakhan sa kanila ay mga Tsinong kapitalistang may malaking interes sa natural na rekurso ng bansa. Tatlo sa sampung pinakamalalaking Tsinong korporasyon sa minang ito ay may nakapilang kontrata sa Camarines Norte . Sa katunayan, nitong Hunyo, napabalita ang iligal na pagpasok ng dalawang *Chinese vessel* sa karagatan ng Paracale upang maghakot ng *iron ore.*

Mula nang ipasa ang Philippine Mining Act of 1995, dati nang papalobo ang bilang ng mga nagsisipagdagsaang dambuhala at dayuhang pagmimina sa naturang mga prubinsya. Idinulot nito ang malawakang pagkasira ng mga dati'y mauunlad na komunidad at sakahan, ang pagkalason ng tubig at pagkawala ng yamang-tubig at ang pagkakalbo ng mga kabundukan. Labis na naapektuhan ang kabuhayan ng hene-henerasyon ng mga magsasaka sa naturang erya. Buu-buong komunidad ang naging biktima ng dislokasyon at napilitang mangibang-lugar o 'di kaya ay sumalig na lamang sa anumang kakaunting pagkakataong mayroong puwang para sa kanila sa industriya ng pagmimina.

Sa Camarines Norte, ang mga komunidad ng pambansang minorya ay naitulak nang naitulak palayo sa kanilang mga lupang ninuno. Ang ilan sa mga komunidad na ito ay tuluyang nalusaw. Ang ilan naman ay napadpad sa karatig na mga prubinsya gaya ng Quezon at Camarines Sur habang ang iba naman ay nanatili sa Camarines Norte. Kalakhan sa kanila ay naging mga manggagawang bukid sa malalaking niyugan at sakahan.

**MGA DAYUHANG KUMPANYANG MAY NAKAPILANG APLIKASYON SA PAGMIMINA SA CAMARINES NORTE**

- Echeng Iron and Steel Group Co, Ltd.
- Guo Long Mining Corporation
- Kanika Fuliun Mining & Dev. Corp.

Ganito rin ang sinapit ng iba pang masa sa Camarines Norte. Ang ilan sa kanila ay inagawan ng karapatang magsaka sa mga lupang dating linilinang, at kung hindi man, lubhang nasira ng mapaminsalang pagmimina ang kanilang eryang sinasaka. Karamihan sa kanila, napilitan na ring mamasukan bilang mga manggagawang bukid, manggagawang kontraktwal at mala-manggagawa.

Sa Camarines Sur naman, nakatuon sa ikaapat at ikalawang distrito ng prubinsya ang pinakamalalaking operasyon ng minahan at *quarrying.* Marami rin sa mga komunidad sa prubinsyang ito, laluna yaong nasa naturang mga distrito, ang naapektuhan ang kabuhayan dahil sa tagibang na pagpopokus ng reaksyunaryong pamahalaan sa dayuhang pagmimina habang pinababayaan naman ang atrasadong kalagayan ng lokal na produksyon sa agrikultura. Samantala, maging ang maliliit na minahan at magkakabod ay tinarget ng malawakang *crackdown.* Dinarahas ang masa, binubuwag ang mga bal-on at kinukumpiska ang kagamitan sa produksyon ng maliliit na magkakabod habang wala namang alternatibong kabuhayang iniaalok sa kanila ang reaksyunaryong gubyerno.

Liban sa mga negatibong epekto nito gaya ng malawakang pangangamkam ng lupa, dislokasyon ng mamamayan at pagkasira ng kalikasan, nakalista lamang sa tubig ang mga benepisyo umano ng pagmimina gaya ng pagpapalakas ng ekonomya, trabaho para sa mamamayan at rehabilitasyon ng kalikasan.

Napakaliit ng ambag ng dayuhang pagmimina sa ekonomya ng rehiyon at bansa. Sa pambansang *Gross Domestic Product,* wala sa 1% ang abereyds na kontribusyon ng pagmimina. Sa rehiyon naman, 2% lamang ang ambag ng naturang industriya sa kabuuhang kita ng Bikol para sa taong 2019.

Wala ring nalilikhang trabaho. Sa Camarines Norte, bagamat umaabot sa 9,000 ektarya ng kabuuhang lupain ang mayroong operasyon sa mina, umaabot lamang sa abereyds na 25-30 trabaho kada minahan ang tuwirang nalilikha. Samantala, sa Camarines Sur, abereyds na dalawang trabaho lamang kada minahan ang tuwirang nalikha.

Malimit dahil sa kawalan ng trabaho, ang mga residente sa mga eryang mayroong minahan ay pumapasok na lamang sa sistemang pabirik o manu-manong pagkakabod bilang dagdag-kabuhayan. Sa ginto, karaniwan itong binibili mula sa masa sa halagang P1,860 kada gramo. Barya ito kumpara sa P25,866 kada gramong bilihan ng ginto sa lokal na merkado noong 2020. Ang masahol pa, kapag ibinawas na ang lahat ng gastos sa trabaho, aabot lamang sa P510 ang naiuuwi ng isang magkakabod. Napakaliit na halaga nito kung itutumbas sa panganib ng pagmimina para sa maliliit na minero.

Ngayong panahon ng pandemya, bumaba nang hanggang P1,200 ang bilihan sa kada gramo ng ginto. Samantala, sa pinakamapagsamantalang kaso, binibili lamang ng mga *mining financier* at iba pang *middlemen* ang kada sako ng ipoprosesong batong may ginto sa halagang P50.

Dagdag pang mga mukha ng pagsasamantala sa mga manggagawa ang pagtutulak ng ilang malalaking *mining financier* sa paggamit ng iligal na droga upang pigain ang lakas at bawasan ang oras ng pahinga ng mga magkakabod at ang pagkuha sa mga bata para sa mga sensitibo at mapanganib na trabaho gaya ng pagbaba sa butas ng mga bal-on.

**ILANG KARANIWANG PRAKTIKA SA MALIIT NA PAGMIMINA**

- **PANNING** (Camarines Norte)
- **COMPRESSOR** (Paracale, Camarines Norte)
- **TUNNEL** (para sa may kaunting puhunan)

**Mersenaryong hukbo ang tagapagtanggol ng mga mandarambong**

Bilang lantarang kasabwat ng mga dambuhala at dayuhang negosyante sa mina, iginagawad ng reaksyunaryong gubyerno ang serbisyo ng buong AFP-PNP-CAFGU bilang pwersang panseguridad ng kanilang mga negosyo. Sa mga erya kung saan mayroon nang operasyon ng mina o kaya ay tinatarget na pagsimulan ng *exploration activities,* karaniwang mayroong nakatayong detatsment ng pulis o militar, o kung hindi man, malimit na prayoridad sa pagdedeploy ng pwersa at binabalik-balikan ng mga sakyada at operasyong militar at pulis.

Sa Camarines Norte, nasa bayan ng Labo ang *brigade headquarters* ng 902nd brigade. Liban pa ito sa mga nakakwintas na himpilan ng pulis at militar sa mga barangay ng naturang bayan. Ikatlo ang naturang bayan sa may pinakamalaking reserba ng ginto, pilak at tanso. Nagkalat dito ang mga operasyon ng mina.


“

Bagamat sinasakmal ng abot-langit na pang-aapi at pagsasamantala ang mamamayan ng Camarines Sur at Camarines Norte,

**ang kanilang kalagayan din ang nagtutulak sa kanilang higit pang paglagablabin ang antas ng paglaban.**

Mahaba na ang kasaysayan nila sa paglaban at pagbigo sa militarisasyon at mga kampanyang kontrainsurhensya ng mga nagdaang rehimen.


Sa kasalukuyan, pinupupog din ng mga tim sa Retooled Community Support Program (RCSP) ang mga bayan ng Lagonoy, Tinambac at Goa sa ikaapat na distrito ng Camarines Sur. Malaki ang interes ng mga dambuhalang minahan sa naturang erya dahil sa konsentrasyon dito ng mga yamang-mineral na gaya ng *limestone, white clay* at *pyrite.* Nauna nang pinakatan ng RCSP ang una at ikalawang distrito ng Camarines Sur noong 2020 at ang Camarines Norte noong 2018 hanggang 2019. Bago ito, isinailalim na rin sa Peace and Development Teams (PDT) ang mga barangay na may minahan sa Labo, Camarines Norte. Maging sa panahong tapos na ang *RCSP operations,* tuluy-tuloy pa rin ang mga *focused military operations, site visitation* at iba pang mga operasyong panggalugad ng kaaway.

**Sa pagsasamantala namimina ang higit pang paglaban**

Bagamat sinasakmal ng abot-langit na pang-aapi at pagsasamantala ang mamamayan ng Camarines Sur at Camarines Norte, ang kanilang kalagayan din ang nagtutulak sa kanilang higit pang paglagablabin ang antas ng paglaban. Mahaba na ang kasaysayan nila sa paglaban at pagbigo sa militarisasyon at mga kampanyang kontrainsurhensya ng mga nagdaang rehimen. Sa tulong ng kanilang tunay na hukbo, ang BHB, makailang ulit na nilang pinarusahan, pinaralisa at pinalayas ang mga mapaminsalang minahan sa kanilang mga erya. Lagi't laging napatutunayan ng mamamayan na sa kanilang sama-samang pagkilos nagmumula ang kanilang lakas na depensahan ang kanilang buhay at kabuhayan.

Mula nakaraang taon hanggang unang hati ng 2021, tatlong operasyong pamamarusa na ang isinagawa ng mga yunit ng BHB laban sa mga korporasyon sa pagmiminang nais pumasok sa ikaapat na distrito ng Camarines Sur. Liban pa ito sa sunud-sunod na mga atritibong aksyon laban sa mga pwersang panseguridad ng mga minahan sa iba pang bahagi ng prubinsya.

Sa Camarines Norte, matagumpay na ilinunsad ang serye ng mga koordinado at anihilatibong bigwas laban sa mga yunit ng pulis at militar na nagbabantay sa operasyon ng mina sa Brgy. Dumagmang, Labo nitong Marso 19. Lubhang nayanig ang hanay ng kaaway sa naturang mga aksyon kung saan nakakumpiska ang mga kasama ng 14 na matataas na kalibre ng baril kabilang ang M60, Galil, K2 at R4 at iba pang maiigsing baril. Ang naturang mga armas ay dagdag-lakas para sa mamamayang nakikibaka.

Mula Camarines Norte at Camarines Sur hanggang saanmang sulok ng bansa, hanggat may pang-aapi at pagsasamantala, mananatili ring buhay ang kapasyahan ng mamamayang isulong ang kanilang makatwirang digma. Sa ganap na tagumpay ng demokratikong rebolusyong bayan maipupundar ang isang lipunang tunay na malaya at magsisilbi sa uring anakpawis. Sa Pulang bukas, ang yamang biyaya ng lupa ay yaman nang lilinangin at pakikinabangan ng nakararami. ■



## ILANG MALALAKING PANGINOONG MAY-LUPA SA CAMARINES NORTE

| ASYENDERO | LUGAR | EKTARYA | PRODUKTO | TENANTE |
|---|---|---|---|---|
| Lopez | Buong Camarines Norte (maliban sa Sta. Elena) | +2,315. 61 | Niyog \| Palay | + 1, 000 |
| Alegre | San Vicente | +700 | Niyog \| Palay \| Pinyahan | + 60 |
| Aguilar | Mercedes, CN | +333 | Niyog \| Palay \| Nipa | + 18 |
| Pimentel | Labo | +254 | Niyog \| Palay \| Pinyahan | + 20 |
| Villafuerte | Jose Panganiban | +512 | Niyog \| Ginto \| Sasahan \| Palayan | Higit 45 na may-ari ng lupa ang inagawan ng despotikong PML |
| Custodio | Jose Panganiban | +50 | Niyog | |
| King | San Vicente at Daet | 64 | Niyog \| Pinyahan | + 18 |
| Hernandez | Capalonga | 37 | Palaisdaan | |
| Unico | Capalonga | 24 | Niyog | |
| Asis | Labo | 33 | Niyog \| Palay | |
| Raneses | Labo | 32 | Niyog | |
| Lukban | Labo | 34 | Niyog | |

## Epidemya ng Karahasan: Kalagayan ng mga kababaihan sa lipunang malakolonyal at malapyudal

*(Ito ang unang bahagi ng kwento ng apat na babaeng hindi pumayag na manatiling biktima ng epidemya ng karahasan sa kababaihan. Ang mga artikulong ito ay hinggil karanasan ng kababaihang Pilipino bago at sa panahon ng pandemya.)*

### Carla

GALUNGGONG – P300

Tila naghuhumiyaw ang paskel ng presyo ng paboritong isda ni Carla. Parang na-eskandalo si Carla sa nakita habang naghahanap nang mabibiling pagkain sa palengke.

*"Ano ba naman 'yan, halos kasing-presyo na nga ng baboy ang baka, ngayon pati isda pumapantay na sa mga presyo ng karne,"* bulong niya sa sarili habang umatras papalayo sa bahagi ng palengke na nakahilera ang panindang isda. Lumipat siya sa pwesto ng mga gulay.

AMPALAYA - P140, TALONG – P100, SILI – 400, SIBUYAS - 120, BAWANG - 120


*"Hay naku, ano na lang ang kakainin namin mag-iina?"*

Pinulot niya ang isang ampalaya, dalawang talong at tatlong sayote, kasabay ng isang supot na maliit na pulang sibuyas at isang supot din ng bawang.

*"Siyento diyes lahat ineng,"* wika ng tindera sa likod ng kanyang *face mask*. Binayaran ni Carla ang biniling gulay at lumabas na ng palengke.

Walang pinag-iba ang presyo ng isang kilong bigas - P40. Medyo may amoy na nga ito, pero ano ba naman ang kayang bilhin ng hawak niyang P300?

Bumili siya ng dalawang kilo ng bigas, isang 25 gramong kape at kalahating kilong asukal. Naglakad na lang siya pauwi. Mula nang magkapandemya, nagulantang na si Carla ng sari-saring problema. Una'y naglaho nang parang bula ang kinakasama niyang ama ng dalawa niyang anak. Pangalawa'y nagsara ang pabrikang pinagtatrabahuan niya. Halos mabaliw na siya noon.




Hindi niya alam kung paano sila mabubuhay mag-iina. Buti na lang inalok siya ng kasera niya na maglabada kapalit ng upa sa tinitirhan nilang kwarto. Para magkaroon ng perang panggastos, naglabada na rin siya sa mga kapitbahay niya. 'Yon nga lang, ilan lang ang nagpalaba dahil halos pare-pareho silang tinamaan ng matinding krisis dahil sa *lockdown* at iba pang restriksyon.

Pinoproblema rin niya ang pampa-*load* ng anak na panganay dahil nag-*online* ito sa pag-aaral.

*"Ma, ayoko na lang mag-aral. Wala naman tayong pang-load eh,"* angal ng bata.

*"Pagtiyagaan mo na anak. Baka sa susunod pwede na mag-face-to-face ang mga estudyante sabi sa balita,"* pilit na pinalalakas ni Carla ang loob ng anak kahit na pinanghihinaan na rin siya ng loob.

Mayroon naman silang nakukuhang *relief,* kaya lang kulang dahil may iilan lang na napapaburan ang mga upisyales ng gubyerno. Hindi rin sila makatanggap ng SAP dahil may 4Ps si Carla. Ang siste, nang mag-*lockdown,* sinangla niya ito at hindi pa matubos dahil wala siyang trabaho.

Gusto na niyang umuwi sa kanila. Buti pa doon, magtanim ka lang buhay ka na. Mayroon pa kayang alagang kambing sina Nanay? Hitik na naman marahil sa bunga ang mga tanim na gulay ni Nanay Eden.

Alam niyang kahit nagkamali sa kanyang mga desisyon noon ay tatanggapin siya ng ina. Tutol sana si Nanay Eden na pumunta siya sa Maynila pero napagpasyahan na kasi nila itong mag-asawa.

Noong hapon na iyon, inalok siya ng kapitbahay niya na sumama sa isang *van* na pabyahe sa prubinsya nila.

*"P3,000 ang bayad. Wala ka nang aalalahanin sa mga papeles – tulad ng permit. Dating sundalo kasi ang may-ari ng sasakyan,"* sabi ng kapitbahay ni Carla.

Tinawaran ni Carla ang alok, *"pwede bang libre na lang ang isa kong anak? At saka 'yong isang bata P1,500 na lang tutal maliit pa man?"*

Balak ni Carla noon ipagbili ang ilang gamit nila sa bahay para magamit ang pera pamasahe. Pumayag naman ang kanyang kaserang bilhin ang mga ito. Napapayag din ang may-ari ng *van* na P5000 silang tatlo. Tig-isang libo na lang ang mga bata.

Makaraan ang dalawang araw, nakabyahe na sila pauwi. Hindi alam ni Nanay Eden na darating sila. Hindi rin inaasahan ni Carla ang dadatnan sa kanila pag-uwi niya.

Pagdating sa kanila, napansin niya na tila may malaking salu-salo sa likuran ng bahay nila. Hindi naman kaarawan ng nanay niya. May patrabaho ba sa koprasan nila?

Tuwang-tuwang sinalubong ng nanay niya si Carla at ang mga apong ngayon lang nakita. Tatanungin na sana ni Carla ang ina kung bakit maraming tao sa kanila nang may sumulpot mula sa likod na isang babaeng naka-*sweatshirt* at may suot na amopawts

*"Oy, Carla! Kumusta?"*

*"Medz?"*

Inabot ni Carla ang kamay sa nakilalang kababata. Natawa ang kausap, sabay bulong, *"huwag mo na akong tawagin niyan, Ka Pilar na ako ngayon."*

**Pilar**

Gustong sumigaw ni Ka Pilar pero para siyang sinasakal. Hindi siya makahinga. Parang may malaking pader na nakadagan sa kanya. Hindi rin siya makagalaw. Sigurado siyang bukas na ang mga mata niya dahil kitang-kita niya ang bawat detalye ng mukhang nakaharap sa kanya. Hindi niya malilimutan ang marahas na yugtong iyon ng kanyang kabataan.

*"Gising, Ka Pilar!"*

Yinugyog ni Ka Sam ang kasama na kanina niya pang naririnig na umuungol sa pagtulog. Bumalikwas si Ka Pilar sa pagkakahiga at agad na yinakap ang kasamang may piniling kasarian. Hindi niya napigilang umiyak.

*"Tahan na, andito ako. Ok ka na,"* haplos-haplos ni Ka Sam ang likod nang binangungot na kasama.

Matapos ang ilang minuto ay kumalma na si Ka Pilar. Iniwan siya ni Ka Sam para mag-init ng tubig para sa mga kasamang magkakape sa umagang iyon.

Parang kahapon lang lahat nangyari. Pinikit ni Ka Pilar ang kanyang mga mata at nakitang muli ang mukha ng CAFGU na tinangka siyang pagsamantalahan 20 taon na ang nakalipas.

*"Bakit ba napanaginipan ko na naman ang taong ito,"* tanong niya sa sarili.

Kinse anyos siya noong hinarang siya ng isang CAFGU habang pauwi siya galing sa eskwelahan. Pilit nitong pinaaamin si Ka Pilar kung nasaan




ang kanyang kuya na noo'y pultaym na hukbo. Dahil walang makuhang impormasyon sa kanya, hinatak nito si Ka Pilar at dinala sa masukal na bahagi ng baryo.

Malaking tao ang CAFGU na iyon. Kahit na anong piglas ni Ka Pilar ay hindi siya makawala sa pagkakadagan nito sa kanya. Parang naipit ang boses niya sa lalamunan. Hindi siya makasigaw kahit na ibuka niya ang kanyang bibig sa matinding takot.

Buti na lang may nagawi sa lugar na iyon na isang kababaryo ni Ka Pilar. Tinulungan siya nito. Nagsisisigaw ito habang hinahataw ng malaking kahoy ang CAFGU. Napatakbo ang salarin sa baryo pero nasukol din ng mga taumbaryo na nagdala sa kanya sa mga kasama.

Matapos ang matamang pag-iimbestiga at paglilitis ng hukumang bayan, napatunayan ang patung-patong na krimen ng naturang CAFGU sa mga magsasaka sa lugar kabilang na ang tangka nitong paggahasa kay Ka Pilar. Iginawad sa kanya ang parusang kamatayan.

Malaki ang naitulong ng pamilya at organisasyong masa upang malampasan ni Ka Pilar ang karanasang iyon. Naging abala rin siya sa grupo ng mga kabataan at paglao'y sumampa na sa Bagong Hukbong Bayan. Patuloy niyang sinisikap na mapangibabawan ang nakaraan bagamat hindi nawawaglit sa kanyang malay ang mapait na karanasang ito.

Maliwanag na sa labas ng kubo at naririnig na rin ni Ka Pilar ang mga kasamahan niyang naghuhuntahan sa kusina habang nagkakape.

*"Kailangan ko nang maghanda,"* wika ni Ka Pilar sa sarili.

**Abangan ang susunod na kabanata sa susunod na isyu ng Silyab.■**

## Krisis sa Pagkain

*(Ito ang unang artikulo sa seryeng tumatalakay sa lumalalang kalagayang pang-ekonomya at paglubha ng krisis sa ilalim ng rehimeng Duterte.)*

Walang katulad na kagutuman at kasalatan ang dinaranas ngayon ng mamamayan sa ilalim ni Duterte. Ayon sa IBON Foundation, 15 milyon o 62.1% ng kabuuhang bilang ng pamilyang Pilipino ang nakaranas ng labis na kagutuman noong 2020. Pinapakita ng kalagayang ito ang lumulubhang krisis sa pagkaing idinulot ng mga neoliberal na patakaran ng rehimeng Duterte sa lupa, agrikultura at paggawa. Higit pang tumampok ang epekto ng mga patakarang ito sa pagpataw ng *lockdown* at palpak na pagtugon ng rehimen sa pandemyang Covid-19.

Nananatili ang Kabikulan bilang isa sa pinakamahihirap at pinakamilitarisadong rehiyon sa buong bansa sa ilalim ni Duterte. Ito ay taliwas sa pinalalabas ng rehimen na ang rehiyon ang may pinakamabilis na paglago ng ekonomya. Sa halip, libu-libong pamilyang Bikolano ang napalayas sa kanilang lupang binubungkal at nawalan ng kabuhayan dulot ng neoliberal at pasistang atake ni Duterte.

### Kagutuman at lumulubhang krisis sa agrikultura dulot ng neoliberalismo

Idinulot ng pagkukumpleto ng rehimeng Duterte sa mga neoliberal na dikta ng General Agreement on Trade and Tariffs -World Trade Organization (GATT-WTO) sa lupa at agrikultura ang lumulubhang kawalan ng kasarinlan at seguridad sa pagkain. Ipinataw ng rehimen ang ganap na liberalisasyon sa walang limitasyong importasyon ng bigas, karne, isda at iba pang pagkain kasabay ang walang habas na pangangamkam at pagpapalit-gamit ng lupa. Ilinagay niya ang agrikultura sa pinakamalaki nitong pagkalugi sa paglumpo nito sa lokal na produksyon habang ipinako ang bansa sa importasyon at kawalan ng suporta ng gubyerno.

Sa Bikol, signipikanteng bumagsak ang produksyon at lalong numipis ang ambag ng agrikultura sa ekonomya ng rehiyon at ng buong bansa. Dinumog at winasak ng malalaking mapandambong at kontra-mamamayang proyekto sa mina, inprastruktura at ekoturismo ang mga sakahan, katubigan, taniman at kagubatan sa rehiyon.

Higit pang tumingkad ang panggugutom ni Duterte sa masang Bikolano sa kapabayaan at tuluyang pagtalikod ng rehimen na bigyan ng makabuluhang suporta ang masang magsasaka sa harap ng pinsalang tinamo ng rehiyon dulot ng pandemya at sunud-sunod na malalakas na bagyo. Nagresulta ang kapabayaang ito sa lalong pagdapa ng ilang mga mayor na produktong agrikultural, tulad ng abaka at niyog. Naitalang muli sa rehiyon ang pinakamataas na antas ng inplasyun sa pagtaas ng presyo ng pagkain at gastos sa produksyon kasabay ng dumadausdos pang presyo ng mga produktong agrikultural at tumitindi ang kawalan ng kita dulot ng *lockdown.* Sa kabila nito, tatlong porsyento lamang ng badyet para sa programang rekoberi ng rehiyon sa pandemya ang nakalaan para sa agrikultura. Senyales ng malaganap na kagutuman sa Kabikulan ang pangunguna ng rehiyon sa antas ng pagkabansot ng mga bata (40%) at kakapusan sa paggastos sa pagkain (35%)

Sa halip, ginamit ni Duterte ang pandemya para magtulak pa ng mga neoliberal na patakaran at batas na lalong nagpahirap sa magsasaka. Maraming magniniyog na Bikolano ang tuluyan nang pagkakaitan ng makabuluhan at nararapat nilang suporta sa pagsasabatas ng Coconut Farmers and Industry Trust Fund Act (CFITFA) na magsasapribado ng pondong nakalaan sana para suportahan ang maliliit na magniniyog.

Umalma rin ang masang Catandunganon sa humigit-kumulang 140 milyong kilo ng karneng i-aangkat ng bansa. Idudulot nito ang pagkalugi ng mga lokal na prodyuser ng hayop.

Naglabas din si Duterte ng *executive order* na nag-aatas ng higit pang mababang taripa para sa mga inaangkat na bigas. Sinimulan na rin sa Bikol ang pagpapatupad ng programang Support to Parcelization of Lands for Individual Titling (SPLIT)

**TANTOS NG PAGLAGO NG KADA SEKTOR SA EKONOMYA NG REHIYON (%)**

| SEKTOR | 2015-2016 | 2016-2017 | 2017-2018 |
|---|---|---|---|
| AGRIKULTURA | 1.4 | 2.8 | 3.2 |
| PANGINGISDA | -5.5 | 2.0 | 3.3 |
| PAGMIMINA | 9.0 | 5.5 | 18.8 |
| KONSTRUKSYON | 5.5 | 4.9 | 21.7 |

na may layong paghiwa-hiwalayin ang mga kolektibong titulo upang mas madali itong mabili at maagaw ng dayuhang mga kumpanyang may balak magtayo ng mga *"mega farm"* o plantasyon.

**Patay sa gutom at bala: Ang balakid na hatid ng militarisasyon sa kabuhayan**

Kasabay ng matinding atakeng neoliberal, pinuntirya rin ang Kabikulan ng isa sa pinakabrutal na gera laban sa masang magsasaka sa tabing ng hungkag na kampanyang kontrainsurhensya at terorismo. Naging target rin ang rehiyon na paglunsaran ng pakanang huwad at militaristang reporma sa lupa ni Duterte. Layunin ng mga ito na wasakin ang naipundar na mga tagumpay ng kilusang anti-pyudal sa rehiyon.


Higit dalawang taon matapos ipatupad ang MO 32 at EO 70-NTF ELCAC at buuhin ang RTF-ELCAC sa rehiyon, walang indikasyon ng pagtaas ng kabuhayan sa mga komunidad na sinaklaw ng mga operasyong RCSP. Sa halip, naitala ang patung-patong na kaso ng paggambala sa pang-ekonomyang aktibidad ng taumbaryo.

Sa Albay, ilang ektarya ng lupang sakahan ang natiwangwang matapos harasin ng militar at tangkaing buwagin ang mga samahan sa produksyon. Sa ilang mga bayan sa Camarines Sur, pinalalayas ang mga magsasaka sa kanilang lupa sa tabing ng pwersahang pagpapabuwis o kaya'y pagpapaalis sa kanila ng militar sa lugar. Sa Masbate, daan-daang sako ng inaning palay ang nawala sa masa matapos sakyadahin ng militar ang kanilang mga komunidad-sakahan.

**Magkalda sa tingating, magkalda sa pagkaoripon**

Sa gitna ng sumasahol na paghihirap at kagutuman sa ilalim ng rehimeng Duterte, walang ibang nasandigan at masasandigan ang masang Bikolano kundi ang kanilang buong-loob na paglahok sa digmang bayan. Pinatutunayan ng kanilang karanasan ang kahalagahan at pangangailangan ng sustenidong paglulunsad ng rebolusyong agraryo sa kanayunan at kilusang masa sa kalunsuran. Linulutas nito ang pang-ekonomyang ligalig at pinapanday ang kanilang pagkakaisa sa pagharap sa tiyak na papatindi pang krisis.

Ispontanyo man o organisado, ipinakita ng masang Bikolano na nasa paglaban ang pagbangon. Pinatunayan nilang hindi sa pagmamakaawa, paghihintay sa wala o pagkakasya na lamang sa limos makakamit ang kanilang kagalingan.



Sa halip, sumalig sila sa kanilang pagkakaisa't lakas sa pagsasagawa ng iba't ibang pakikibakang anti-pyudal at anti-pasista laban sa sumasahol pang atake sa kanilang buhay at kabuhayan. Sa hindi iilang komunidad sa rehiyon, matagumpay na kinumpronta ng masa ang mga nag-ooperasyong militar. Sa gitna ng walang patlang na militarisasyon, mapangahas silang nagsagawa ng sama-samang produksyon, pagpapalitaw at kolektibong pagtitiyak ng suplay ng pagkain at iba pang rekursong pangonsumo. Nagkaroon din ng matatagumpay na mga kampanya at protesta sa paggiit ng makabuluhang ayuda at suporta, paghadlang sa mga kontra-mamamayang proyekto at pagsulong ng tunay na repormang agraryo.

Hinamon ng kalagayan ang masa at ang rebolusyonaryong kilusan na konsolidahin ang kanilang mga napagtagumpayan sa pagsusulong ng digmang bayan at pagsuporta sa armadong paglaban sa Kabikulan. Bilang mga benipisyaryo ng rebolusyong agraryo, patuloy silang nagsisikap na isapraktika ang pangangasiwa ng rebolusyonaryong gubyerno. Ito ay upang mapanghawakan ang pagtamasa sa mababang upa sa lupa, higit na mataas na hati sa ani, higit na mataas na presyo ng produkto at higit na mahusay na sistema ng sama-samang produksyon.

*"Lalo kaming magugutom kung lagi kaming matatakot."* Tinanaw ng masa na ang armadong pagpapabagsak sa rehimeng Duterte ay katumbas ng pagtatanggol sa kanilang buhay at kabuhayan. Sa mahigpit na ugnayan ng mga lokal na komite ng Partido at yunit ng Hukbo, maraming komunidad sa rehiyon ang tuluy-tuloy pa sa kanilang pagpupursigeng makapagrekluta ng mga Pulang mandirigma, magpalawak ng mga rebolusyonaryong organisasyong masa at kasapian ng Partido. Inspirasyon nila ang patuloy na paglulunsad ng Bagong Hukbong Bayan ng mga taktikal na opensibang nagpaparusa sa mga armadong galamay ni Duterte. ■



Ulat Koresponsal

## Umiigting na todo-largang gyera ng estado, binigo ng BHB at ng mamamayan!

*Ulat mula sa Romulo Jallores Command - BHB Bikol*

Sa buong panahon ng pag-upo ni Duterte bilang pangulo, wala siyang ibang bukambibig kung hindi ang wakasan ang makasaysayang paglaban ng mamamayang Pilipino. Itinakda niyang bago magtapos ang kanyang termino ay mawawakasan niya ang insurhensya sa bansa. Kaya't walang habas niyang inatasan ang kanyang mersenaryong hukbong ipatupad ang pasistang paghahari ng reaksyunaryong estado.

Sa Kabikulan, binigo ng mamamayang Bikolano at ng Pulang hukbo ang mararahas na operasyong militar ng 9th IDPA sa mga komunidad sa tabing ng Retooled Community Support Program (RCSP) at Focused Military Operations (FMO) at iba pang katulad na mga programa. Sa harap ng matinding pasistang pananalasa, nagsilbing sandigan ng mamamayang Bikolano ang armadong pakikibakang ilinulunsad ng BHB – Bikol. Isang hakbang tungo sa pagkamit ng hustisya ang mga rebolusyonaryong bigwas laban sa mga pwersa ng Regional Task Force to End Local Communist Armed Conflict (RTF-ELCAC), Joint Task Force Bicolandia (JTFB) at punong pasistang si Duterte.

Sa unang hati ng taong 2021, magkakasunod na taktikal na opensiba ang isinagawa ng iba't ibang yunit ng kumand ng Romulo Jallores Command (RJC– BHB Bikol).

### Camarines Norte

Matagumpay na ilinunsad ang koordinadong opensiba ng Armando Catapia Command (ACC– BHB Camarines Norte) laban sa 2nd Police Provincial Mobile Force Company at mga batalyon ng 9th IDPA noong Marso 19, alas-9 ng gabi sa So. Nalisbitan, Brgy. Dumagmang, Labo. Sa naturang reyd, nakasamsam ang mga kasama ng 14 armas na kinabibilangan ng M60, M16, M14, maiigsing baril at iba pang gamit militar. Nasawi sina PCpl. Roger Estoy, Patrolman Joey Corteros, Patrolman Benedict Bakurin, Patrolman Jeremy Alcantara at Patrolman Alex Antioquia at lima ang nasugatan. Dalawa sa kanila ang sumurender at agad na linapatan ng paunang lunas ng Pulang hukbo.

### Camarines Sur

Pinagpupugayan ng masa ang mga aksyong ilinunsad ng mga yunit ng Norben Gruta Command (NGC- BHB West Camarines Sur) at Tomas Pilapil Command (TPC – BHB East Camarines Sur) sa prubinsya.  Sa bayan ng Pasacao, matagumpay na isinagawa ng isang yunit ng NGC—BHB West Camarines Sur ang isang operasyong isnayp laban sa tropa ng 9th IBPA sa Brgy. Salvacion noong Hunyo 12. Patay si Sgt. Norly Bare.

Naitala rin ang magkasunod na operasyong demolisyon laban sa tropa ng 9th IBPA na nakabase sa Brgy. Cambalidio, Libmanan noong Mayo 30. Sugatan si Sgt. Dominguez, kumander ng yunit na nagsasakyada sa naturang lugar, nang pasabugan ng mga kasama ang kanyang sinasakyan. Si Dominguez ay pabalik na ng kampo nang panahong iyon. Makalipas ang ilang minuto, pinasabugan naman ang nag-ooperasyong militar malapit sa pinangyarihan ng insidente. Sugatan din ang tatlong militar.

Samantala, ilinunsad ng TPC – BHB East Camarines Sur ang operasyong haras laban sa mga elemento ng AFP at CAFGU na nakabase sa Brgy. Pili Tabiguian, Caramoan noong Abril 10.

Mahigpit namang pinanghawakan ng Pulang hukbo ang inisyatiba upang biguin ang mga atake ng tropa ng 83rd IBPA na nagsasagawa ng *combat operations* sa Partido Area-Fourth District Camarines Sur. Sa bayan ng Lagonoy, mahusay na hinarap ng mga kasama ang tangkang pangungubkob ng mga elemento ng 83rd IBPA sa So. Malabod, Brgy. Del Carmen noong Abril 5, alas-10 ng umaga. Apat ang patay at lima ang sugatan sa hanay ng militar. Ilang oras matapos nito, pinasabugan ng mga kasama ang trak na lulan ang mga rumespondeng militar.

Tinambangan din ng Pulang hukbo ang pinagsamang pwersa ng PNP-SAF at militar noong Marso 4 sa Brgy. Tigman, Sipocot. Samantala, ilinunsad naman ang aksyong kumpiskasyon ng armas sa mapang-abusong asyenderong sina Maria at Joey Villafuerte, magkapatid at kapwa upisyal ng barangay, noong Pebrero 1 sa Brgy. Villazar, Sipocot. Isang baby M16 at dalawang carbine ang nakuha mula sa naturan.

**Albay**

Ilinunsad ng isang yunit ng Santos Binamera Command (SBC-BHB Albay) ang isang ambus laban sa 93rd Special Action Company-PNP SAF noong Abril 3 sa Brgy. Aliang, Ligao City. Dalawang pulis ang napatay at dalawa ang sugatan. Pinaralisa naman ng yunit ng Pulang hukbo ang operasyon ng Ibalong Resource Development Company sa Brgy. Miiti, Camalig, Albay noong Marso 29. Ang naturang kumpanya ay matagal nang irinereklamo ng mamamayan dahil sa mga operasyon nitong mapanira sa kalikasan at kabuhayan ng mga komunidad. May mga ulat din ng pang-aagaw ng lupa ng mga magsasaka sa lugar.



**Sorsogon**

Tinambangan ng isang yunit ng Celso Minguez Command (CMC-BHB Sorsogon) ang mga elemento ng 92nd Special Action Company-PNP SAF sa hangganan ng Brgy. Putiao, Pilar noong Pebrero 22. Sugatan si PMSgt. Osmer Edwin Apa, PSSgt. Arnel Aves, PCpl. Jeffrey Putian at iba pang kasamahan nang pasabugan ang kanilang sinasakyan ng *command detonated explosives.*

**Masbate**

Dalawa ang patay at isa ang sugatan sa hanay ng militar sa matagumpay na ambus na isinagawa ng Jose Rapsing Command (JRC-BHB Masbate) noong Marso 29.

Malaking salik sa tagumpay ng mga taktikal na opensibang ito ang walang maliw na suporta ng masa sa armadong pakikibaka. Ito ang hindi matatawarang patunay ng patuloy na paglakas ng BHB sa rehiyon at sa buong bansa. Ang mga nasasamsam na armas ay dagdag lakas at inspirasyon sa iba pang mga yunit ng BHB sa rehiyon at bansang maglunsad ng higit na maraming taktikal na opensiba lalong magpapadugo at tuluyang magpapabuwal sa paghaharing teror ni Duterte. Higit sa lahat, ito ay dagdag pagsulong para sa armadong paglaban ng mamamayan at nagpapaigting ng kanilang kapasyahang isulong ang digmang bayan sa mas mataas na antas.

Ipinapakita ng mga aksyong ito ang determinasyon ng Pulang Hukbo na ipagtanggol ang mamamayan mula sa terorismo ng estado. Sa diwang ito, patuloy na magiging katuwang ng mamamayang Bikolano ang BHB-Bikol sa paglalantad at pagpapanagot kina Duterte at sa AFP-PNP-CAFGU sa kanilang mga krimen.■

## Propaganda bilang armas ng masang Albayano sa pagharap sa RCSP

*Ulat Koresponsal mula sa Santos Binamera Command – Bagong Hukbong Bayan Albay*

Isang taon matapos muling ipakat sa Albay ang 49th IBPA at hagupitin ng operasyong Retooled Community Support Program (RCSP) ang walong bayan sa naturang prubinsya, walang kahit anong napagtagumpayan ang berdugong batalyon. Mahalaga ang naging ambag ng masikhay na gawaing propaganda ng Hukbo at masa upang patuloy na biguin ang 49th IBPA sa pagwawasak sa pagkakaisa at rebolusyonaryong adhikain ng masang Albayano. Sa kasagsagan ng mahigpit na sitwasyong militar, nakapag-ambag ang gawaing propaganda sa pagpapatampok ng mga pampulitikang tagumpay ng armadong pagharap ng BHB – Albay bilang mayor na larangan ng paglaban sa militarisasyon.

Sa kasagsagan ng mahigpit na sitwasyong militar, **nakapag-ambag ang gawaing propaganda sa pagpapatampok ng mga pampulitikang tagumpay ng armadong pagharap ng BHB – Albay bilang mayor na larangan ng paglaban sa militarisasyon.**

Sa pagbalangkas ng pulitiko-militar na pagharap sa okupasyong militar ng 49th IBPA, mayor na hinalawan ng aral ay ang mga naging karanasan ng Hukbo at masa sa mga nagdaang operasyong militar sa prubinsya.

*"Susing salik sa pagbigo ng pananalasa ng militar sa mga komunidad ay ang pagtitiyak na hindi maputol at pahigpitin pa nga, ang ugnayan ng Hukbo at masa,"* pagbabahagi ni Ka Tomas, *political instructor* ng isang platun sa naturang prubinsya.

*"Importantehong maray na maipreparar an masa,"* dagdag ni Ka Tomas.

Bago pa man ipakat ang batalyon sa prubinsya, nagsasagawa na ang iba't ibang mga yunit ng Hukbo ng kampanyang propaganda at edukasyon upang talakayin at ipaunawa sa masa ang katangian ng EO 70 at RCSP at paano ito haharapin. Maging ang mga bagong tayong makinarya sa edukasyon at propaganda sa ilang lokalidad ay nakatuwang na ng Hukbo sa pagpapaliwanag sa kanilang mga kababaryo hinggil sa pasismo ng kasalukuyang rehimen.

*"Dai dapat magpundo an pampulitikang konsolidasyon kan masa, kaipohan saná mag-adjust at magin pleksible batay sa inaabot kan sitwasyong militar."*

Sa kasagsagan ng operasyon, sa kalagayang ilang mga baryo ang pinakatan ng pwersa ng batalyon, mahusay na kinilusan ng iba't ibang mga yunit ng Hukbo ang iba pang kulumpon ng mga baryong hindi hinagip ng operasyon at doon tuluy-tuloy na nagsagawa ng kampanyang propaganda at edukasyon.

Sa isang yunit ng Pulang hukbo, naging mahusay na praktika ang pag-iintegra ng propaganda at edukasyon sa kampanyang rehabilitasyon matapos ang mga bagyo at sakuna. Magkatuwang na inayos ng mga kasama at masa ang mga kabahayan at ari-ariang napinsala ng bagyo. Matapos nito, naglunsad ng mga pulong pag-aaral na tumalakay sa mga sosyoekonomikong usaping kinakaharap ng komunidad.

*"Maray talaga an mga pag-aadal na ito, ho. Ta mayó man pinagkaiba an militar asin bagyo – parehas destroso an dara-dara sa tawo. Maray itong napaghahandaan mi an epekto kan gabos na sakuna – militarisasyon man iyan o natural na kalamidad,"* kwento ni May Ambeng, isa sa mga residente sa naturang lugar.

Sa paglikha ng mga materyal para sa propaganda at edukasyong angkop at napapanahon, mahalagang salik ang masinsin at maagap na pagsusuri ng mga kasama sa obhetibong kalagayan ng masa sa eryang kinikilusan at ang pagkilala rin sa panloob na sitwasyon ng mga yunit.

*"Lagi kaming humihingi ng update sa kalagayan mula sa mga paglabag ng karapatan at aktibidad ng kaaway sa baryo hanggang sa padron ng*

*galaw ng combat at patrol forces ng kaaway. Pinagsusumikapan naming tipunin at kumpletuhin ang mga datos. Sa loob naman mismo ng yunit, mula postehan hanggang kusina, nakikinig at nag-momonitor ang mga kasama ng balita sa radyo. Tinitiyak na naibabahagi sa iba pang mga makinarya sa propaganda ang mga natipong datos upang mapaghalawan man nila ng aral at makatuwang din sila sa pagpapatambol ng militarisadong kalagayan ng prubinsya,"* ani Ka Tomas.

Sa mga regular na konsultasyon, idinidisenyo ang mga kinakailangang ilabas na propaganda. Ilan sa mga tampok na paksa ay ang paglalantad sa abusong militar, pagpapataas ng diwang mapanlaban ng masa, pagpapatampok ng mga armadong aksyon ng Hukbo at mga paninindigan sa mga usaping pang-ekonomya't panlipunan. Tiniyak na ito ay nasa pormang madaling mababasa, mabilis at maramihang maipapalaganap. Ibinuwelo rin ang pukpukang *tit-for-tat* na hindi lang sa midya ipinapalaganap kung hindi maging sa baseng masa.

Tiniyak din ang sustenidong pamamahagi ng mga ito. Regular ang pagkuha at pag-*download* ng mga materyales tulad ng Ang Bayan at Silyab at mga pahayag ng Partido, BHB at mga rehiyunal nitong kumand at ni Ka Jose Maria Sison. Lahat ng ito'y tinitiyak na maimprenta. Regular ding pinapadalhan ang mga yunit na nasa malalayong erya.

Susi rito ang pagiging malikhain sa pangingibabaw sa mga limitasyon sa lohistika. Sa mga baryong sinaklot ng operasyon, sinikap makapagpalaganap ng mga materyales sa propaganda sa pamamaraang lihim. Sa ganitong sitwasyon, nakasalalay ang mabilis at tuluy-tuloy na pamamahagi ng propaganda sa mapangahas at mapanlikhang pagkilos ng masa.


*"Batay sa inaabot na konsolidasyon at paghahanda ng masa, kailangang mabuo ang kampanyang propaganda bilang isang kilusang masa,"* ani Ka Tomas.

*"Malaking salik kaya nagawa namin ito ay dahil ibinuwelo natin ang paglulunsad ng mga BKP at iba pang Pampartidong pag-aaral at pagtatayo ng mga panimulang makinarya sa edukasyon at propaganda bago pa humigpit ang sitwasyong militar. Napataas ang antas ng kanilang kamulatan at pag-unawa sa kanilang pampulitikang tungkulin na siyang puhunan kung paano nilang masigasig na maipagpapatuloy ang gawain kahit sa mga gipit na sitwasyon. Nagkaroon din ng dagdag na balon ng kasapiang maaasahan sa paggampan ng gawain."*

*"Sa ilang pagkakataong kailangang magpalabas ng mga materyales, kinokonsulta namin ang SPL (Sangay ng Partido sa Lokalidad). Sila na ang naghahapag ng disenyo at nagtutukoy kung sino ang gagampan lalo't naririyan naman iyan sa kani-kanilang programa sa IPO (Ideolohiya-Pulitika-Organisasyon). Nagbibigay na lang kami ng dagdag pang mga gabay upang mapadulas ang paglarga. Minomonitor na lang namin sa yunit ang lawak na inaabot ng kanilang mga ipinaskil na poster at ipinalaganap na polyeto. May ilan ding baryo na hindi napasok o kaya'y madaling nagpull-out ang mga tropa ng kaaway dahil kagyat silang sinalubong ng galit ng masa."*

Mula paglalantad sa mga pang-aabuso ng batalyon at pagharap ng masa sa militar, naging bahagi ang gawaing propaganda sa ispontanyong paglaban ng masa at armadong paglaban ng Hukbo. Ang mga pagsisikap na ito ay nakatulong upang mailagay sa relatibong depensibong pusisyon ang kaaway.

*"Bagamat marami pa kaming dapat paunlarin sa paglarga ng gawaing propaganda bilang isang kilusang masa, may puhunan na ang Hukbo at masa ng mga karanasan at aral. Dapat tasahin at lagumin ang mga karanasan upang ibayo pang mapahusay ang praktika. Nagpapatuloy man ang okupasyong militar, nakatitiyak kami sa kapasyahan ng masang Albayano na tuluyan itong biguin,"* pagtitiyak ni Ka Tomas.■



## 9th IDPA, mababa na ang *morale* - NDF-Bikol

Ipinahayag ng NDF-Bikol ang bumababang *morale* sa hanay ng 9th IDPA dulot ng kultura ng karahasan at kawalang pananagutan ng institusyong AFP-PNP-CAFGU. Sa naturang pahayag, ilinahad ni Ka Ma. Roja Banua ang mga ulat ng masa hinggil sa pag-amin ng mismong mga *CMO units* ng naturang dibisyon na mapanlinlang ang mga programang bitbit nila sa mga operasyong Retooled Community Support Program (RCSP).

Ayon din sa nasabing pahayag, *"...alam ng masa at kahit nga ng kanilang mismong tropa ang katotohanan. Kahit anong gawin nila, sadyang kabiguan ang tanging kahahantungan ng kanilang hungkag na kontrarebolusyonaryong gera. Hindi maipagkakaila ng taumbayan, sibilyan man o mula sa hanay ng militar at pulis, ang pagiging makatwiran ng demokratikong rebolusyong bayan at ang pagiging tapat ng rebolusyonaryong kilusan sa interes ng nakararami. Palaki nang palaki ang mga bitak at paksyon sa loob ng militar at pulis dahil marami sa kanila ang hindi na maatim ipagtanggol ang mersenaryong institusyong walang ibang alam gawin kundi ang maghasik ng teror at magpadanak ng dugo."*

Nanawagan din ang NDF-Bikol sa mga kasapi ng mersenaryong hukbo na tumiwalag na at sumampa sa rebolusyonaryong kilusan. Dapat lakasan nila ang kanilang mga loob na isiwalat pa ang katotohanang kanilang nakikita at hindi na masikmura. Marapat lamang na magkaisa na ang lahat ng uring anakpawis at sama-samang labanan ang reaksyunaryong pwersa at rehimeng matagal ng nagpapahirap sa mga Pilipino. ■

## Mga koordinadong TO magpapatuloy upang biguin ang RTF-ELCAC sa Kabikulan - RJC BHB-Bikol

Pinagpugayan ng Romulo Jallores Command-BHB Bikol ang mga pulang mandirigma ng Armando Catapia Command (ACC-BHB Camarines Norte) sa matagumpay na paglusob nito sa mga pwersa ng 2nd Police Mobile Force Company (PMFC) sa Purok 6, So. Nalisbitan, Barangay Dumagmang, Labo, Camarines Norte noong Marso 19.

Limang pulis ang napaslang habang dalawang iba pa ang sugatan. Kalaunan, ang mga naturan ay sumuko at kagyat na linapatan ng paunang lunas ng BHB. Nakasamsam mula sa naturang koordinadong aksyon ng 14 na armas. Kabilang sa mga nasamsam ang isang *general purpose machine gun* o *baby M60*, isang M4, anim na Galil at anim na *short firearms* (Glock) at marami pang gamit militar tulad ng mga bala at magasin.

Notoryoso ang 2nd PMFC sa Camarines Norte bilang aktibong galamay ng rehimeng US-Duterte sa pagpapatupad ng gera kontrainsurhensya. Sila ang yunit na responsable sa pagsasagawa ng madudugo at brutal na Simultaneous Anti-Criminality and Law Enforcement Operations (SACLEO).

Ang partikular na kumpanya ng PNP ay nakatalaga rin para protektahan ang interes ng mapanalasang dayuhang pagmimina sa Brgy. Dumagmang.

Ayon kay Raymundo Buenfuerza, tagapagsalita ng RJC BHB-Bikol, *"ang anihilatibong taktikal na opensiba ng Armando Catapia Command-BHB Camarines Norte ay patunay na hindi maglulubay ang buong RJC sa pagpapanagot sa mga ahente ng estado sa mga kahindik-hindik nitong krimen laban sa mamamayan. Patunay din ang makataong pagtrato at pagbibigay ng paunang lunas sa dalawang sugatang sumuko mula sa hanay ng PNP ng mulat na disiplinang bakal ng Pulang Hukbo sa pagsasakatuparan nito ng makatarungang digma ng mamamayan para sa mamamayang anakpawis. Higit sa lahat, patunay ang matagumpay na aksyong militar ng mga kasama na tanging sa pamamagitan ng pagtangan ng armadong pakikibaka at pagpapakahusay dito makakamit ng lipunang Pilipino ang mapagpasyang pagpapanagot at pagdurog sa pangil ng pasista at teroristang estado hanggang sa tuluyang pagkaabo nito."* ■



## Pagtalima ng BHB sa rebolusyonaryong disiplina sa gitna ng labanan, pinagpugayan

Muli na namang ipinamalas ng Pulang Hukbo ang mahigpit na pagkapit sa rebolusyonaryong disiplina at pagtalima sa pandaigdigang batas ng digma sa isinagawa nilang reyd sa kampo ng pulis sa So. Nalisbitan, Brgy. Dumagmang, Labo, Camarines Norte noong Marso 19.

Sa kasagsagan ng labanan, kagyat na linapatan ng paunang lunas ng mga *medical officer* ng BHB ang mga elemento ng kaaway na nasugatan.

Sa isang pahayag, pinuri ni Ka Raymundo Buenfuerza, tagapagsalita ng Romulo Jallores Command BHB-Bikol ang mga kasama.

*"Taas kamaong pinagpupugayan din ng buong rebolusyonaryong kilusan sa Bikol ang mahusay na pagtangan ng Pulang Hukbo sa makataong pagtrato sa dalawang sugatang sumuko at walang kakayahang lumaban (hors de combat) mula sa panig ng kaaway. Higit nitong ipinakikita ang superyoridad ng pang-ideolohiya at pampulitikang pundasyon ng Bagong Hukbong Bayan at ang matalas na pagpapatupad ng disiplinang nakabatay sa makauring kamulatan. Sa matapat na pagtangan ng interes ng mamamayan, ng kanilang kagalingan at karapatan, muli't muling pinatutunayan ng BHB na sila ang tunay na hukbo ng mamamayan."*■

## Pananalasa ng RCSP sa Camarines Sur kinundena ng TPC-BHB East Camarines Sur

Mariing kinundena ng Tomas Pilapil Command-BHB East Camarines ang kasalukuyang panghahalihaw ng pinagkumbinang tropa ng 83rd IBPA, 96th IBPA at 9th CMO Battalion upang isagawa ang Retooled Community Support Program (RCSP) sa mga bayan ng Tinambac, Lagonoy at Goa.

Sinimulan noong unang linggo ng Mayo ang unti-unting pag-okupa ng mga elemento ng 83rd IBPA-Bravo Coy sa ngayon ay aabot sa 23 barangay ng Tinambac, tatlong barangay ng Lagonoy at dalawang barangay ng Goa.

Nagsagawa ng iligal na sensus, malawakang *profiling* at mga pulong-pulong upang imbestigahan ang mga personalidad na pinaghihinalaang may kaugnayan sa rebolusyonaryong kilusan. Makalipas ang ilang linggo, naglabas ng pahayag ang 9th IDPA na may 36 na sumukong NPA mula Camarines Sur na pinasinungalingan ng TPC.

Bukod dito, nagsasagawa sila ng mga anti-sosyal na gawain tulad ng inuman gabi-gabi at sabong o tupada. Labag ito sa mga ipinatutupad na *health protocols* para sa Covid-19. Dahil dito hinikayat ng TPC ang mamamayan ng buong Partido area na labanan at huwag pahintulutan ang pagpasok ng militar, pulis at iba pang ahente ng gubyerno sa kanilang mga komunidad.

*"Marapat lamang na pasiglahin ang pagkakaisa ng mamamayan at ipagtanggol ang karapatan ng bawat isa. Dapat maging mapangahas at sunggaban ang lahat ng pagkakataon at pamamaraan -- ligal man o ekstraligal -- upang mapahinto ang militarisasyon at maagapan ang pang-aabusong militar."* ayon kay Ka Baldomero Arcanghel, tagapagsalita ng TPC-BHB East Camarines Sur.■

## Pamamarusa laban sa mga mapang-abusong entidad isinagawa ng Pulang hukbo

Pinarusahan ng Norben Gruta Command (NGC-BHB West Camarines Sur) ang despotikong panginoong maylupa na sina Maria at Joey Villafuerte sa Brgy. Villazar, Sipocot, Camarines Sur noong Pebrero 1. Kinumpiska ng Pulang hukbo ang isang M16, dalawang *carbine* at iba pang gamit militar sa nasabing reyd ng kasama.

Ang pagparusang ito ay tugon sa matagal nang karaingan ng mga residente sa lugar dahil sa pananakot at panggigipit ng pamilya Villafuerte sa kanila. Ang mga Villafuerte ay isa sa malalaking panginoong maylupa at naghahari-hariang upisyal ng barangay.

Sa isang pahayag, nagbigay pugay ang Romulo Jallores Command sa ginawang pamamarusang ito ng NGC-BHB West Camarines Sur.

Samantala, noong Marso 29, pinaralisa ng isang yunit ng Santos Binamera Command (SBC-BHB Albay) ang operasyon ng Ibalong Resource Development Company sa Brgy. Miiti, Camalig, Albay. Matagal nang inirereklamo ng mga tao sa lugar ang mapanirang operasyon ng kumpanya na nagdudulot ng pagkasira ng kalikasan at kabuhayan ng mamamayan sa komunidad. Bukod dito nabalitaan ng mga kasama ang pang-aagaw ng lupa ng mga magsasaka ng nasabing kumpanya.■

## #PNPTerorista: SACLEO sa Kabikulan

***"Sir, 'wag niyo po ako dalahin sa madilim. Doon po tayo sa maliwanag, Sir. Doon niyo na po ako arestuhin. Wag niyo naman po akong anuhin,"***

Ito ang mga huling salita ni Froilan Oaferina III bago siya tadtarin ng bala ng PNP. Pinaslang siya noong Abril 25, sa harap mismo ng kanyang pamilya at mga kasambahay sa Buhi, Camarines Sur. Hindi pa kuntento sa karumal-dumal na krimen, ninakawan pa ng pulis ang pamilyang Oaferina ng *phone, tablet* at pera na naghahalagang P100,000. Sinira rin ang *CCTV* sa kanilang bahay. Kinumpirma ng PNP ang operasyon, ngunit tulad ng kinagawiang iskrip, pinaratangan lamang 'nanlaban' si Oaferina.

Mula mismo sa salaysay ng kanilang mga kapamilya, ganito rin ang mga huling salita at dinanas nina Aldren Enriquez, Brgy. Capt. Geoffrey Castillo, Brgy. Kgwd. Melandro Verzo at daan-daan pang biktima ng karahasan ng pulis bago sila pagbabarilin at ibanderang tropeyo ng mersenaryong hukbo sa madugong kampanya kontra-droga at kontra-terorismo. Mga sibilyan, magsasaka, lingkod-bayan – iyan ang mga target ng Simultaneous Anti-Criminality and Law Enforcement Operations (SACLEO) ng rehimeng US-Duterte.

### Malawakang Pamamaslang, ala-Tokhang

Sinimulang ipatupad ang SACLEO sa buong bansa nang umupo si PGen. Debold Sinas bilang hepe ng PNP noong Nobyembre 2020. Ngunit hindi ito ang unang pagkakataong naglunsad ang PNP ng mga kahalintulad na operasyon. Dati na itong kilala bilang One Time Big Time Operations (OTBTO), na unang ilinunsad ng rehimeng US-Noynoy Aquino bilang bahagi ng Oplan Lambat-Sibat. Pinabangis lamang ito ni PGen. Debold Sinas. Una bilang Oplan Sauron-Synchronized Managing of Police Operations (SEMPO), na ipinatupad ng PNP RO7 at, nitong nakaraan lamang, bilang SACLEO sa buong bansa.

Anumang pangalang italaga rito, iisa lang ang katangian ng mga naturang operasyon: ang singkronisado o magkakasabay na paglulunsad ng operasyon ng malalaking yunit ng pulis at militar, paglulunsad ng mga ito sa mga alanganing oras at palihim na pamamaraan, malawakang paggamit ng mga minanupakturang *arrest* at *search warrant,* pagtatanim ng ebidensya at pagpapalabas na ang biktima ay 'nanlaban'. Pangunahing target nito ang mga kasapi ng makabayan at progresibong grupo, mga oposisyon at pinaghihinalaang kasapi o sumusuporta sa rebolusyonaryong kilusan.

Matinding delubyo ang dinanas ng masang Bikolano nang umarangkada ang PNP sa pagpapatupad ng SACLEO mula nitong Enero 2021. Sa unang hati pa lamang ng taon, 18 sa 27 biktima ng ekstrahudisyal na pamamaslang ang napatay sa panahon ng *SACLEO operations.*

## MGA BIKTIMA NG SACLEO

(ENERO-HUNYO 2021)

Aldren Enriquez
Salvador Emeria
Geoffrey Castillo
Hajji Abanto
Nardo Llorca
Helario Diamante
Melvin Veri Otto
Enrique Cabilles
Arnel Candelaria
Nomer Peda
Melandro Verzo
Senen 'Beth' Inocalla
Roger Nicolas
Froilan Oaferina III
Pablito Dosal
Marlon Collantes
Noemi Marka
Lourdes Marka




**Malawakang Paglaban para sa Katarungan**

Humarap sa matinding paglaban ng mamamayan ang pagpapatupad ng AFP-PNP-CAFGU ng SACLEO sa rehiyon. Mismong mga kapamilya, kagawad ng midya, mga abogado at iba pang sektor ang mapangahas na tumindig laban sa sukdulang pandarahas at kawalang-hustisya. Hindi nag-alinlangan ang pamilya ng mga biktimang gaya nina Verzo, Enriquez at Oaferina na ilantad ang kawalang-hiyaan ng pulis sa pagpaslang sa kani-kanilang mga padre de pamilya at pagnanakaw pa ng kanilang mga ari-arian. Naglunsad din ang mga makabayan at progresibong grupo ng mga martsa-libing at protesta sa iba't ibang prubinsya at sa mga sentrong lunsod ng rehiyon upang kundenahin ang malawakan at sunud-sunod na pamamaslang. Maging sa *social media,* bumulwak ang panawagang panagutin ang pasista at teroristang rehimeng Duterte at kanyang sandatahang pwersa sa lahat ng kanilang mga krimen laban sa mamamayan. Kamakailan, nag-trending ang hashtags na *#PNPTerorista* at *#Duterterorista.*

*"Sino naman sa tamang pag-iisip ang hindi magngangalit sa tindi ng panunupil na dinaranas ng kanilang kapwa araw-araw? Para sa bawat 'nanlaban,' mayroong sanlibo't sanlaksang mamamayang higit na nanggigigil na wakasan ang delubyo ng SACLEO at ng rehimeng US-Duterte,"* ani Ka Ma. Roja Banua, tagapagsalita ng NDF-Bikol, sa isang pahayag.

*"Pabugsu-bugsong ilinulunsad ng rehimeng US-Duterte ang SACLEO sa dalawang dahilan. Una, dahil hirap ang mismong AFP at PNP sa pagkukumbina at pagkokoordina ng kanilang mga pwersa at rekurso para sa malalakihan at singkronisadong operasyon. At pangalawa, ngunit pinakamahalaga sa lahat, dahil takot sila sa pagdaluyong ng kilusang masa,"* dagdag pa niya.

Patuloy na nananawagan ang NDF-Bikol sa mga masang Bikolano na maging alerto at kagyat na mag-ulat tuwing mayroong paglabag sa kanilang mga karapatang tao.

*"Daig ng sustinido, kolektibo at programadong pagkilos ng mamamayan ang anumang pasistang hakbang ng rehimen. Sama-sama, kayang talunin ng taumbayan ang karimlan ng SACLEO,"* kanyang pagtatapos.■



Para sa dagdag na pagpapalalim, basahin ang **Datos Hinggil sa SACLEO**
*I-download sa yandex.disk/silyab.bikol*

## Barangay Development Program: Magastos na panlilinlang ng NTF-ELCAC sa Masang Bikolano

Sa pamamagitan ng National Task Force to End Local Communist Armed Conflict (NTF-ELCAC) naglunsad ang rehimeng US-Duterte ng Barangay Development Program (BDP) bilang bahagi ng kontrainsurhensyang programa ng gubyerno. Ang BDP ay isa sa mga taktikang ilinulunsad sa ilalim ng kampanyang pasipikasyon at pagpapasuko. Gaya ito ng Enhanced Comprehensive Livelihood and Integration Program (ECLIP), Balik-Baril at Serbisyo Caravan/Baranggayan. Ang mga ito ay nakabatay sa matagal na nilang estratehiya ng *Clear-Hold-Consolidate-Develop at Whole-of-Nation-Approach.*

Isa sa pinakamalaking pondo na inaprubahan ng kongreso at senado ang P19 bilyon na pondo ng NTF-ELCAC. Mas malaki pa sa nakuha ng ibang ahensya ng gubyerno na inaasahan ng mamamayang magbibigay ng nararapat na serbisyong publiko. Upang bigyang matwid ang pagtatanggol sa napakalaking halagang ito, ang P16.44 bilyon tipak ay ilinaan para sa BDP.

Ipinapangako ng BDP na bigyan ng tig-P20 milyon ang mga barangay na wala na umanong presensya ng Bagong Hukbong Bayan. Sa rehiyong Bikol, ang 49 barangay sa mga prubinsya ng Camarines Norte, Masbate at Sorsogon ang target mabigyan ng pondo na may kabuuhang halagang P980,000,000.

Ilalaan umano ang P20 milyon para sa paggawa ng *farm-to-market road* (P12M), *school buildings* (P3M), patubig at sanitasyon (2M), *national greening and forestry* (P1.5M) at para sa *health stations* (P1.5M). Hungkag ang naturang mga proyekto dahil hindi ito nakabatay sa kongkretong pangangailangan ng mamamayan bagkus sa tulak ng mga kapitalista at mamumuhunan. Kung pagbabatayan ito, wala ni singkong duling ang inilaan para sa suporta sa mga magsasaka, tunay na reporma sa lupa, pagtatayo ng lokal na industriya o ayuda sa panahon ng sakuna o kalamidad. Ang pondo ng BDP ay malinaw na nagsisilbi lamang na balon ng korupsyon at pondo sa pasismo ng juntang militar ni Duterte.

Katulad ng mga nauna nang programa ng gubyerno tulad ng KALAHI-CIDSS, PAMANA AT 4Ps na nakalangkap din sa programang kontrainsurhensya ng nakaraang mga gubyerno, walang makabuluhang epekto ang mga ito sa mamamayan at kanilang komunidad. Patitindihin lamang nito ang kahirapan ng masang anakpawis na makaangkop sa kasalukuyang kalagayan kung saan patuloy na lumalala ang pandemya at bumubulusok ang ekonomya.

Ang masahol pa, binibigyang ligalidad ng BDP at iba pang mapanlilang na programa ng NTF-ELCAC ang walang humpay na mga operasyong militar at pulis. Idinudulot nito ang patung-patong na mga paglabag sa karapatang tao. Sa kasalukuyan, may naitala ng 58 kaso ng paglabag sa karapatan ng mamamayang Bikolano.

### Mga baryong makatatanggap ng pondo ng BDP sa Bikol



# Kaso ng mga paglabag sa karapatang tao
## (Enero-Hunyo 2021)




Tatlumpu rito ay mga biktima ng ekstrahudisyal na pamamaslang kabilang na ang dalawang kaso ng masaker sa hanay ng mga magsasaka.

Sa paghahari ng juntang militar, magsisilbi lamang ang BDP bilang gatasan ng korupsyon para sa pangkating Duterte, matataas na upisyal-militar, NTF-ELCAC at mga lokal na katumbas nito at iba pang burukrata kapitalista.

*"Sa panahong itong kapos ang mamamayan sa kanilang mga pang-araw-araw na pangangailangan, mas nanaisin nilang makita ang P20 milyon mapunta sa dagdag sahod ng mga manggagawa o di kaya'y dagdag produksyon ng mga magsasaka. Mas maaga rin sana nating nakamit ang herd immunity kung ilinaan na lang ng rehimeng Duterte ang buong pondo ng NTF-ELCAC para sa pagbili ng bakuna laban sa Covid-19,"* ayon sa Pambansang Katipunan ng Magbubukid (PKM).

Ayon naman kay Ka Ma. Roja Banua, tagapagsalita ng NDF-Bikol, *"mulat ang masang Bikolano sa paninindigang hadlangan ang patuloy na militarisasyon sa kanilang mga komunidad. Mulat din sila sa paninindigang hindi magpadala sa mga salitang hindi naman nila mapapakinabangan. Lalaban sila kung kinakailangan upang ipagtanggol ang kanilang mga karapatan."* ■



Para sa dagdag na pagpapalalim, basahin ang **Datos: Mapanlinlang na Barangay Development Program**
*I-download sa yandex.disk/silyab.bikol*

### Pagpasok ng mga barkong Tsino sa Camarines Norte, tinuligsa

Binatikos ng mamamayan ng Camarines Norte at Kabikulan ang pagpasok ng dalawang barkong Tsino sa karagatan ng Paracale nitong unang linggo ng Hunyo. Ang nasabing mga barko ay dumaong upang maghakot ng *iron ore.*

Kinwestyon ng mga taga-Camarines Norte ang paglusot ng mga nasabing sasakyang pandagat gayong ipinapangalandakan ng AFP na mahigpit ang pagbabantay nito sa West Philippine Sea at iba pang soberanong teritoryo ng bansa. Ayon sa mga residente, malinaw sa insidenteng ito na walang pakialam ang rehimeng Duterte sa unti-unting pagsaklaw ng mga Tsino at iba pang dayuhang kapangyarihan sa bansa. Hindi rin mapasubalian ang pag-angkin ng Tsina sa WPS.

Ayon naman sa Lupon ng Manananggol sa Bayan (LUMABAN) Bikol, *"dinudumog at dinarahas ng pwersang militar ang mga komunidad sa kanayunan at kalunsuran samantalang linalangaw at hindi mabantay-bantayan ang mga teritoryo ng WPS. Pinanatili rin ni Duterte ang tagibang na mga kasunduang militar sa US tulad ng Mutual Defense Treaty na dahilan kung bakit nananatiling tali at walang kakayahan ang Pilipinas para depensahan ang sariling teritoryo. Ginamit lamang niya ang noo;y bantang babawiin ang Visiting Forces Agreement para makakuha ng dagdag pondo at suportang militar para sa kanyang pasistang diktadura."* ■

## Pamamaslang at masaker ng berdugong AFP-PNP sa gitna ng pandemya, binatikos

Tigmak ng dugo ang kamay ng berdugong AFP-PNP-CAFGU sa unang hati ng taong 2021. Higit sa isang Bikolano ang pinapaslang kada linggo. Umabot sa 27 kaso ng ekstrahudisyal na pamamaslang ang naganap sa anim na prubinsya ng rehiyon. Nanatili ang Bikol bilang kapitolyo ng masaker at pamamaslang sa buong bansa.

Sa buwan ng Pebrero, umarangkada ang mga pulis sa ilalim ng Simultaneous Criminality and Law Enforcement Operations (SACLEO) nang paslangin nila noong Pebrero 15 si Geoffrey Castillo, barangay captain ng Brgy. Macogon, Labo, Camarines Norte. Noong sumunod na araw sina Haji Abanto at Nardo Llorca naman ang napaslang habang inaaresto ng lampas 30 pulis at mga kasapi ng PDEA sa Purok 6, Brgy. Luklukan Sur, Jose Panganiban, Camarines Norte.

Mula Pebrero 25 hanggang 28, minasaker naman sina Enrique Cabillas, Arnel Candelaria at Nomer Peda sa Brgy. Lanot, Mercedes. Sa panahong ding ito pinaslang si Melvin Veri Otto sa kanyang tahanan sa Purok 9, Brgy. Mantagbac, Daet. Samantala, linusob naman ang bahay ni Brgy. Kgd. Melandro Verzo ng mahigit 70 armadong pwersa ng PNP-AFP. Pinatay siya at pinalabas na nanlaban. Ninakawan din ang pamilya ng biktima.



Noon namang Marso 1, isa ring magsasaka sa Pasacao, Camarines Sur ang pinatay ng mga pulis at militar na diumano'y magsisilbi lamang ng *arrest warrant*. Nanlaban umano ang biktima kaya siya napatay. Ayon sa mga kaanak ng biktima, hindi siya armado kaya hindi siya maaaring manlaban.

Noong Marso 19, pinaslang ng mga elemento ng 96th IBPA ang mag-amang Louis at Jetly Buenavente habang nagsasakyada ang militar sa Purok 6, Brgy. Dumagmang, Labo, Camarines Norte. Pinalabas na mga pulang mandirigma ang mag-ama.

Bago matapos ang Marso, pinaslang ang dalawang binata na kinilala lamang bilang sina "Greg" at "Uno" mula sa Brgy. Progreso, San Miguel, Catanduanes. Nasa byahe ang dalawa mula sa bayan ng Baras patungong San Miguel nang pagbabarilin ng hindi kilalang kalalakihan. Pinalabas ng mga pulis na mga kasapi ng NPA ang gumawa nito at hanggang sa kasalukuyan ay itinatago ang tunay na pangalan ng dalawang nasawi.

Nagpatuloy pa ang mga pagpaslang sa buwan ng Abril. Petsa 25 pinaslang si Froilan Oaferina III, isang barangay kagawad sa Buhi, Camarines Sur. Sinundan ito ng pagpaslang kay Marlon Collantes noong huling linggo ng Abril sa Sityo Malibtong, Brgy. Payatan, Goa, Camarines Sur. Sa mga panahong ding ito pinaslang ang mag-asawang Noemi at Lourdes Marka ng San Antonio, Capalonga.

Nagpanggap din ang RMG sa Caramoan na may naganap na engkwentro sa pagitan nila at ng isang yunit ng BHB noong Mayo 14. Dito pinalabas nila na ang namatay na si Gerardo Abla ay kasapi ng naka-engkwentro nilang yunit ng BHB. Sa katunayan, si Abla ay residente ng Brgy. Tongo, Siruma na iniulat ng pamilya niyang apat na araw nang nawawala matapos siyang kunin ng tatlong lalaking magpapasama lamang diumano sa lugar nang gagawan ng *cell site* noong Mayo 10.

Nito lamang Hunyo 8, walang awang minasaker ng mga elemento ng 2nd IBPA at PNP Masbate ang mga magsasakang sina Ramon 'Boy' Valenzuela Brioso, 58 taong gulang, residente ng So. Mabuaya, Matiporon, Milagros, Ailyn 'Eket' Bulalacao Gracio, 38 taong gulang, residente ng So. Bantolinao, Brgy. Amutag, Aroroy at Antonio 'Tony' Polegrates, 50 taong gulang, mula sa Brgy. Hermosa, Cawayan. Si Brioso ay *chief cowboy* sa 7R Ranch habang si Polegrates naman ay *chief tanod* ng kanilang barangay. Dinukot ang tatlo sa magkakahiwalay na lugar noong Hunyo 7 at pinalabas na napaslang na mga kasapi ng NPA sa isang pekeng engkwentro sa So. Porang, Brgy. Anas, Masbate City kinabukasan.

Nagpapatuloy ang lumalabang mamamayan sa pagkamit ng hustisya para sa mga biktima. Hindi kailanman mapipigilan ang patuloy na pagkilos ng mamamayan at pagsusulong nila ng rebolusyon.■

## Malawakang *crackdown* sa mga ligal at progresibong organisasyon, nagpapatuloy

Kinatampukan ang unang hati ng taon ng sumisirit na *crackdown* laban sa mga progresibo at makabayang lider-masa sa rehiyon ng Bikol. Tampok ang magkahiwalay na pagkakadakip kina Dan Balucio, *Secretary General* ng Bayan-Bikol at pastor ng United Church of Christ in the Philippines, sa kanyang tahanan sa Sto. Domingo, Albay at Jesusa "Sasah" Sta. Rosa, *Chairperson* ng Jovenes-Anakbayan, sa Naga City noong madaling araw ng Mayo 2. Kasabay nito ay nireyd ng mga pulis ang tahanan ni Justin Mesias, tagapagsalita ng Youth Act Now Against Tyranny (YANAT)-Bikol. Sa unang linggo pa rin ng Mayo, hinuli rin si Jo Begonia, residente ng Brgy. Payatan, Goa.

Noong Mayo 18, dinukot ng militar si Ed Navalta mula sa kanyang tahanan sa Ragay, Camarines Sur. Si Navalta ay *coordinator* ng Camarines Sur People's Organization. Hindi pa rin siya natatagpuan hanggang ngayon.

Ang pinakahuling iligal na inaresto ay si Elwin Mangampo isang mangingisda at pangulo ng LAMBAT-Bikol. Naaresto siya ngayong Mayo 30.

Lahat ay ginamitan ng minanupakturang *search warrants*. Hinalughog ang kanilang mga tahanan at tinaniman ng mga ebidensya na magpapalabas na sila ay kasapi ng NPA upang bigyang-katwiran ang pagkaso sa kanila ng *illegal possession of firearms, ammunitions and explosives.* Ito ay isang kasong walang pyansa.

Sa isang pahayag, kinundena ng NDF-Bikol ang sunud-sunod na panunupil sa mga progresibong lider.

*"Sa pagnanais ng AFP-PNP-CAFGU na maubos ang mga progresibong lider ng kilusang masa, lalo lamang nilang pinapaypayan ang apoy ng paglaban at pagdaluyong ng kilusan ng mga inaapi. Ang mismong brutalidad na ito ng AFP-PNP-CAFGU at ng buong pasistang makinarya ng estado ang nagtutulak sa kapasyahan ng mamamayang ipaglaban ang kanilang mga karapatan. Sa bawat pinapaslang, inaaresto at dinarahas ng estado, higit na maraming progresibong indibidwal at lider-masa ang sumusulpot at namumulat,"* ani ni Ma. Roja Banua, tagapagsalita ng NDF-Bikol. ■

**PRODUKSYON SA REBOLUSYON**

## Mga nutrisyon at paano ito makakamit: Ang Protina

*Bago pa man ang pandemya, malaking suliranin na ng mamamayang Pilipino ang laganap na kagutuman at kakulangan ng nutrisyon laluna para sa mga bata at kabataan. Ngayong lalong tumindi ang patung-patong na sosyoekonomikong krisis na kinahaharap ng bansa dulot ng mga neoliberal na patakaran at kriminal na kapabayaan ng rehimeng US-Duterte, lalong naging mailap para sa karaniwang Pilipino ang sapat na nutrisyon at kasarinlan sa pagkain. Sa seryeng* ***Mga nutrisyon at paano ito makakamit*** *ng Kaalamang Medikal, ipaliliwanag ang ilang mahahalagang nutrisyong kinakailangan ng tao at mga alternatibong paraan upang makamit ito kahit sa harap ng matinding kahirapan at kagutuman sa kasalukuyan. Ito ang unang bahagi ng naturang serye.*

### Ano ang protina?

Ang protina ay isang sustansyang kinakailangan ng katawan para sa enerhiyang ginagamit sa paglaki at pagpapalakas ng muskulo at sa pagbuo sa mga selyula ng dugo. Liban sa tubig, ang protina ang pinakamaraming *molecule* na matatagpuan sa katawan. Matatagpuan ito sa lahat ng selyula ng katawan.

Ang dami ng protinang kinakailangan ng isang tao ay nakabatay sa kanyang pangangailangan sa enerhiya at kalagayan ng kalusugan. Ang taong may mabibigat na trabaho at akitibidad ay nangangailangan ng mas maraming protina. Gayundin, mahalaga ang protina para sa mga bata at buntis.

Kapag hindi sapat ang nakukuhang enerhiya mula sa pagkain, halimbawa sa kaso ng matinding pagkagutom, gagamitin ng katawan ang protina mula sa muskulo bilang pampuno sa kapos na enerhiya. Kung palagiang ganito ang kalagayan, idudulot nito ang pagkasira ng mga muskulo hanggang sa umabot sa pagkaantala ng mahahalagang proseso ng selyula tulad ng pagbubuo ng selyula ng dugo at paggana ng sirkulo ng paghinga.

Ang kakulangan sa protina ay maaaring magdulot ng iba't ibang karamdaman tulad ng pagkasira ng isip at matinding malnutrisyon.

**Anu-anong pagkain ang mayaman sa protina?**

Ang mga pagkaing tinuturing na mayroong kumpletong protina, o yaong mayroong siyam na amino acid na siyang pinakakritikal para sa katawan ng tao ay ang sumusunod:

a. karne - baboy, baka, kalabaw at iba pa
b. manok at iba pang *poultry*
c. isda
d. itlog
e. *soybean* - ginagamit sa paggawa ng tokwa at toyo

Sa kalagayang higit na mahal, at patuloy pa ngang sumisirit ang presyo, ng iba't ibang karne, manok at isda, ilan sa pinakamainam na mga alternatibo ang sumusunod:

a. kanin
b. mais
c. legumbre - kadyos, monggo, perkulis, garbanzos, sampalok at sigarilyas
d. langka
e. kamansi o ugob


Kaalamang MEDIKAL

**LABANWAAN: Ang Covid-19 variants**

*(Para sa dagdag na impormasyon, basahin ang Silyab Pampleto (Hunyo 2021): Ang Covid-19 variants at ang pananagutan ng Imperyalismo sa paglala ng pandemya)*

**Bakit nagkakaroon ng mas maraming *variant*? Bakit higit pang dumarami ang nahahawaan ng Covid-19 kahit mayroon nang bakuna?**

Dumarami ang *variants* ng isang bayrus kapag mas mataas ang *transmission rate* nito o mas marami ang nahahawa ng orihinal na bayrus. Dahil ang *variant* na umuusbong ay maaaring mas mabagsik at mabilis makahawa, higit na bumibilis ang *transmission rate* at maaaring doble pa sa bilang ng mga dating nahahawaan kada araw ang mahawaan ng bagong *variant.*



Pangunahing ugat ng biglang pagdami ng *variants* at pagsirit ng mga kaso ng Covid-19 sa bansa ay dulot ng kapalpakan ng reaksyunaryong gubyernong maagang agapan ang pandemya, pagluluwag sa mga restriksyon nang walang sapat na kahandaan at pagtigil sa pagsunod sa h*ealth protocols* tulad ng pagsusuot ng *face masks* at *social distancing.* Ganito ang naging karanasan sa Brazil, kung saan mismong pangulo nila ang tumatangging magsuot ng *face mask* at magpataw ng mga restriksyon sa paggalaw at *social distancing.*

Ngunit kung mayroong puno't dulong dapat managot sa patuloy na pananalasa ng Covid-19 sa buong daigdig, ito ang monopolyo kapitalismo. Linumpo nito ang ekonomya ng maliliit at mahihirap na bansang tulad ng Pilipinas, kinontrol ang ekonomya at pulitika sa puntong wala nang kakayahang tumindig ang naturang mga bansa sa sariling mga paa. Dinambong nito ang rekurso ng mga bansa hanggang sa wala nang magawa ang mga ito kung hindi ibukas ang mga pambansang ekonomya sa pagbaha ng mga imported na produkto, mga turista at mga negosyanteng dayuhan (na maaaring mayroong dalang bayrus).

Dulot din ng pagtrato ng monopolyo kapitalismo sa lahat ng bagay bilang isang negosyo, limitado ang akses ng milyun-milyong tao sa daigdig sa kalinisan at *hygiene*, regular na *check-up* at mga regular na gamot at bitaminang makatutulong sana sa pagpapalakas ng resistensya. Ginawa nitong karera ang paglikha ng mga bakuna, at isinubasta naman ang pagbebenta ng mga ito. Sa sobrang pagkaganid, kinalimutan nitong kahit mayroong kakayahan ang mayayamang bansang mapabakunahan ang kanilang populasyon, hindi pa rin sila ganap na magiging ligtas sa Covid-19 hangga't hindi nakakahabol ang ibang bansa.

# Ano ang mga variants o strains ng Covid-19 na lumalaganap sa kasalukuyan?

**ALPHA VARIANT: B.1.1.7**
United Kingdom, Setyembre 2020
Higit na mas mabilis makahawa (40%-70% mas mabilis).
Ayon sa ilang pag-aaral, higit na mabagsik at nakamamatay umano kumpara sa orihinal na bayrus.

**BETA VARIANT: B.1.3.5.1**
South Africa, Oktubre 2020
Mayroong kakayahang labanan ang antibodies na pumipigil sa pagkalat ng bayrus sa katawan.
Higit ring mabilis na nakakahawa tulad ng UK Variant.

**GAMMA VARIANT: P.1**
Brazil, Kalagitnaan ng 2020
Mayroong kakayahang labanan ang antibodies.

**DELTA VARIANT: B.1.617.2**
India, 2020
Higit na mabilis ang transmission rate o bilis na makahawa kumpara sa UK variant. Kailangan pa ng karagdagang pagsusuri para malaman kung mas malala ang sakit na naidudulot nito o higit na pinabababa ang bisa ng mga bakuna.
Nangungunang variant sa Pilipinas sa ngayon.

**MU VARIANT: B.1.621**
Colombia, Enero 2021
Mayroong kakayahang labanan ang antibodies.

**THETA VARIANT: P.3**
Pilipinas, Pebrero 18, 2021
Nalalabanan ang antibodies, laluna ang mga nakuha mula sa mga bakuna.

**Ano ang dapat gawin?**

Mahigpit na nakakawing ang pagtuldok sa Covid-19 sa pagpapalakas ng kilusang antiimperyalista sa buong mundo. Titigil lamang ang pagkalat at pagdami ng *variants* kapag nabawasan na ang dami ng nahahawaan ng sakit. At mababawasan lamang ito kung lahat ng bansa, kabilang na ang maliliit at mahihirap na bansa ay magkaroon din ng kapasidad sa *mass testing* at akses sa mga bakuna. Sa halip na kumpetisyon, dapat pairalin ang kultura ng pandaigdigang kooperasyon at pakikipagtulungan. Taliwas ito sa ubod ng imperyalismong lumalago lamang sa pamamagitan ng pagiging ganid at makasarili.

Sa Pilipinas, pinatunayan na ng rehimeng US-Duterte na wala itong interes na maresolba ang Covid-19 sa lalong madaling panahon. Sistemiko ang kinakaharap na problema ng mamamayang Pilipino: walang maayos na serbisyong pangkalusugan kaya hindi makapagpa-*check up* ang mga tao, at kahit makapagpa-*check up* sila, wala namang bakuna. Ni hindi pa nga natutugunan ng pasistang rehimen kahit ang una at pangunahing pamamaraang mapigilan ang pagkalat ng pandemya – ang *mass testing.*

Nasa kamay na ng mga komunidad at ng mamamayang Pilipino ang pagharap sa Covid-19. Higit na makatutulong ang mga subkomite sa kalusugan ng mga rebolusyonaryong organisasyong masa, ang Liga ng Agham para sa Bayan (LAB), Makabayang Samahang Pangkalusugan (MSP) sa pagtitiyak na magkaroon ng sapat na akses sa impormasyon mga taumbaryo sa kung anu-anong *variants* at bakuna ang epektibo sa mga ito.

Pinakamainam na magkaroon ng programa ang mga baryo sa pagharap sa muling pagdami ng kaso ng Covid-19. Tulad ng unang bugso ng Covid-19 noong Marso 2020, dapat tiyakin ang sanitasyon sa mga komunidad. Patuloy na sundin ang *health protocols* tulad ng pagsusuot ng *face masks* at *social distancing.* Maging maagap sa pagpapa-*check up* kapag mayroon nang nararamdamang sintomas ng Covid-19.

Palakasin ang mga grupong tulungan at kooperatiba sa kanayunan upang magkaroon ng suplay ng masusustansyang pagkain ang mga taumbaryo upang mapalakas ang kanilang resistensya laban sa mas mababagsik na *variants* ng bayrus. Habang hinaharap ang banta ng Covid-19 sa mga komunidad, dapat pa ring igiit ng mamamayan sa reaksyunaryong gubyerno ang pagtitiyak na libre at maabot ng lahat ng mamamayang Pilipino ang mga darating na bakuna. Dapat patuloy na palakasin ang panawagan para sa maayos, libre at naaabot na serbisyong pangkalusugan, laluna sa kanayunan, laluna't kinakailangan ng *check-up* bago magpabakuna upang malaman kung aling tipo ng bakuna ang pinakamainam gamitin para sa isang tao.

Higit sa lahat, papanagutin ang rehimeng US-Duterte sa pagkamatay ng puu-puong libong mamamayang Pilipinong pumanaw dahil sa Covid-19 at milyun-milyon pang naghihirap dahil sa kapalpakan ng pagharap nito sa pandemya.■

Diwang Rebolusyonaryo

# PULANG SILYAB



## Berso I

Am
Madya na mga kasama! Tayo'y sumulong!
Am E
Pag-alabin ang silyab sa lahat ng dako
Dm G
Ipunla - ang binhi ng pakikipaglaban
F G C
Anihin natin sa lagablab ng - digmaan
C G
Suyurin ang bundok ng - Catanduanes
Dm G C
Bagtasin -ang - kahabaan ng Camarines
F G Am
Tawirin ang Albay, Sorsogon at Masbate
F C
Abutin ang pusod ng - bawat bayan

## Berso II

Am
Madya na mga kasama! Tayo'y sumulong!
Am E
Pag-alabin ang silyab sa lahat ng dako
Dm G
Sabay nating iwaksi ang konserbatismo
F G C
Palakasin hanay ng ating pulang hukbo
C G
Humakbang nang pasulong, Tayo ay umigpaw
Dm G C
Padagundungin ang lahat ng mga sigaw
F G Am
Manggagawa at magsasaka, tayong lahat
F C
Pumalaot sa dagat ng pakikidigma!

## Koro

F C
Ang pulang silyab na naging dakilang sulo
F C
Pag-alabin natin sa lahat ng dako!
Dm C
Madya na mga kasama! Halina kamo!

G C
Tanganan ang - armas, karit at maso

## Berso III

Am
Madya na mga kasama! Tayo'y sumulong!
Am E
Pag-alabin ang silyab sa lahat ng dako

Dm G C
Kasintalim ng karit ang ating prinsipyo


F C Am
Ang ating Partido'y sintatag ng maso
C G
Kaaway gapiin, hanay pagtibayin
Dm G C
Kooperatiba atin nang paganahin
F G Am
Sa OKP, interes ng masa uunahin
F C
Ano pa mang unos kaya nating harapin

## Koro

F C
Ang pulang silyab na naging dakilang sulo
F C
Pag-alabin natin sa lahat ng dako!
Dm C
Madya na mga kasama! Halina kamo!
G C
Tanganan ang - armas, karit at maso
F C
Ang pulang silyab na naging dakilang sulo
F C
Pag-alabin natin sa lahat ng dako!
Dm C
Madya na mga kasama! Halina kamo!
G C
Tanganan ang - armas, karit at maso
G C
Tanganan ang - armas, karit at maso

---

*Ang awiting ito ay bahagi ng paggunita sa ika-45 anibersaryo ng Silyab, ang rebolusyonaryong pahayagan ng PKP-Bikol*




## Liham para kay Ka Lucia

*Dear mama,*

*Kumusta, ma? Gustung-gusto kitang yakapin ngayon. Pero, sana, sumapat muna sa ngayon ang sulat na ito.*

*Mabuti at mahusay na rebolusyonaryo si Kuya Arlan. Naging mabuti rin siyang kapatid, anak at ama. Hindi nasayang ang lahat ng panahong iginugol mo sa pagpapalaki sa kanya. Mama - Ka Lucia, mahusay kang magulang. Kung ano ka bilang isang matapang at naninindigang ina ay siya ring anak mo na hindi natakot humakbang at maglakbay upang sundan ang bakas nina Lolo at Kuya Dan.*

*Hindi madaling tanggapin para sa isang inang mawalan ng anak. Pero kilala kita, ma. Alam kong itong pinagdaraanan natin ang lalo pang magpapatapang sa iyo sa pagharap ng matitinding balakid at sakripisyo. Tulad ng ipinakita mo noon nang mamatay din si Kuya Dan, hindi matatawaran ang 'yong katatagan sa pagharap sa banta ng berdugong militar makuha mo lang ang bangkay ng 'yong minamahal na anak. Lahat ng balakid ay hinarap mo't nilabanan upang lagpasan iyon.*

*Pero, ma, hindi masama ang umiyak at magalit, ha.*

*Karapatan mong umiyak at magalit sa mga pumatay kay Kuya. Ang pagluha at*

*pagtiim ng bagang ay hudyat ng pagbangon at paglaban. Ito ang nagpapaunawa sa iyo kung bakit pinili naming tahakin ang landas ng armadong pakikibaka. Kung bakit may mga kasamang kinakailangang magbuwis ng buhay para sa isang lipunang malaya at walang nagsasamantala.*

*Pinagkaitan ang pamilya natin ng disente at matiwasay na buhay. Sakim at ganid ang estadong ilandaang-taon nang naninibasib sa ating pinagpagalan. Ito ang nag-udyok sa'yo upang mag-ambag ng Ka Dan at Ka Arlan sa rebolusyon. Nais mong hindi na maranasan ng susunod pang henerasyon ang kahirapang dulot ng pagsasamantala.*

*Hindi magtatapos ang kwento ng ating pakikibaka kina Ka Arlan. Nakaugat na ang rebolusyon sa ating pamilya – nananalaytay sa inyong mga nauna hanggang sa aming mga bagong salinlahi. Ang pamanang ito ay aming pakaiingatan, pahuhusayin at laging ikikintal sa mga puso at isip.*


*Pare-pareho tayong huhugot ng lakas at gagawing inspirasyon ang karanasang ito. Gaya ng kung paanong nariyan ka para sa amin ay nariyan kami para sa iyo sa anumang oras. Pagsikapan nating igpawan ang mga krisis at sakripisyong dumating.*

*Hindi natin sila malilimutan. Ang mga alaala nila ang nagbibigay ng pag-asa at katiyakang magtatagumpay ang ating rebolusyon. Sabay-sabay nating panghawakan ang mga iniwan nilang adhikain para sa ating bayan.*

***Mahal na mahal kita, ma.***

Nagmamahal,
Ka Liza




Pag-isipan 'nyo ang alok namin...
Kapag nalaman namin na nagpapatuloy kayo ng NPA, alam 'nyo na ang mangyayari...
ECLIP?
RCSP?
BDP?
Akala yata nila,
maloloko kami...
... o matatakot.
Ang dapat nilang tandaan...
...matagal nang ubos ang takot.
Sir, barilin ko na 'tong bubuyog!
ARAAYY
Panahon na ng paglaban at pagbangon!